# *ANG TATAK NG DIYOS*

. . .?. . .sa makalumang paraan na mayroon tayo noon maraming taon na ang nakalipas, at lubos tayong nagpapasalamat para rito. At ikinatutuwa ko ang dagdag na pag-aawitan na ito, lahat ng pag-aawitan, at mga espesyal. "Kapag narating ko na ang huling milya ng daan, magpapahinga na sa pagtatapos ng araw." Sa dako ngang 'yun, marahil, mauupo lang, sa panahon na inaawit nila ito, ako'y nakatanaw sa labas at pinagmamasdan ang araw habang ito'y papalubog na; nag-aawitan ang lahat ng mga ibon nang mahina't marahan, na ang lahat ay halos matatapos na ngayon at pumasok na sila para magpahinga, bukas ng umaga ay babangon para sa isang panibagong araw.

2 At ganoon ang buhay; ang mga araw ng pagtratrabaho ay lilipas nang malao't madali, at mahihimlay na tayo sa ating mga sofa. Gusto kong makipag-usap sa Kanya sa araw na 'yun, sadyang makipag-usap lamang sa Kanya, titipunin ang mga damit ko sa paligid ko, at papasok sa silid na ito, na nalalaman, gaya ng sinabi ni San Pablo noong una, "Kilala ko Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli," na, kapag tumawag Siya mula sa gitna ng mga patay, ako'y tatawaging kasama nila. "Nakikilala Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli." Siya'y hindi nakikilala sa pamamagitan ng salita o sa pamamagitan ng gawa, kundi nakikilala Siya sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

3 Isa 'yan sa ating—ating dakilang pag-asa ngayong gabi, at ang tanging pag-asang mayroon tayo, na nasa. . .ang dakilang pagkabuhay na mag-uli na 'yun ng ating Panginoong Jesus; at ang paunang pagkabuhay na mag-uli na mayroon tayo ngayon, mula sa kamatayan patungo sa Buhay, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Buhay na Walang Hanggang kay Jesus Cristo.

4 Naghihintay, at maluwalhating paghihintay, ng buong kalikasan, hanggang sa araw na 'yun na Siya ay darating sa ikalawang pagkakataon, mula sa Langit, Na isusugo ng Diyos sa takdang panahon. At pagkatapos ang mga katawang mortal na ito, kung saan tayo'y dumadaing ngayon, ay magbibihis na ng kawalang-kamatayan, "At tayo'y babaguhin at magiging katulad ng Kanyang Sariling katawan ng kaluwalhatian, sapagkat Siya'y ating makikita bilang Siya."

> Kung magkagayon ang kasalanan at
> kalungkutan, kasalanan at kamatayan
> ng madilim na sanlibutang ito'y paparam,

Dito sa maluwalhating paghahari sa piling ni
Jesus ng sanlibong taon ng kapayapaan.

5 Naghihintay ang mga ibon para dun. Naghihintay ang mga punongkahoy para dun. Ang buong kalikasan ay humuhukod at tumatangis, naghihintay para sa panahong 'yun, dumadaing na mabihisan.

6 Ang maliit kong anak na babae, kanina, may itinanong siya sa akin. Sabi niya, "Daddy, ano kaya ang itsura ng mundong ito noong matapos ito ng Diyos?"

7 Sabi ko, "Maganda ito, mahal. Maganda ito." At sabi ko, "Balang araw ay magiging ganoon itong muli, kapag inalis na ang sumpa. At pagkatapos tayo'y. . .Magiging tulad mismo noong simula, na isang magandang paraiso ng Diyos."

8 Ngayon, diretso na sa gawain. Iniisip ko ngayon, noong unang gabi. . .Ito na ang ikatlong gabi ng munti nating rebaybal. At hindi pa tayo nagkakaroon ng kampanya para sa pagpapagaling. Para lang makapagpahinga, para maipahayag mismo ang ating mga saloobin, at ituro ang Ebanghelyo sa makalumang pamamaraan; siya pa ring Ebanghelyo na itinuro ko rito, maraming, maraming taon na ang nakalipas, hindi nagbago nang kahit kaunti. Tama, siya pa ring Ebanghelyo, na wala maski kaunting pagbabago o pagpapaganda; pareho pa ring Ebanghelyo.

9 Doon sa mga gawain sa labas, yamang interdenominasyunal, sa batayan na idinadaos ang gawain sa mga bulwagan at maraming iba't ibang denominasyon ng mga tao ang nagtitipon na sama-sama, medyo pinipigilan mo ang sarili mo sa Doktrina; lahat maliban sa Makalangit na pagpapagaling, at, siyempre, pagpapatanggap sa Panginoong Jesus. Pero kapag nasa sarili kang tahanan, tulad ng tahanang-simbahan dito, pakiramdam mo'y parang maluwag ang iyong kuwelyo, at maaari mong ipangaral nang malaya kung ano ang sa tingin mo ang tama, at ganoon mismo.

10 At kadalasan, dito, nararanasan natin, madalas, na di sumasang-ayon ang mga tao. Hindi natin maaaring asahan na ang lahat ay sasang-ayon sa atin sa mga Doktrina ng ating iglesya at mga bagay-bagay na mayroon tayo. Anupa't marahil ganoon din kami, sa ipinapangaral ng inyong pastor, pero kapatid ko pa rin siya. Hindi ito iniitsa-puwera. Haya't bawat isa'y tumitingin sa mga bagay na iba't iba ang mga pananaw.

11 At sa linggong ito, dahil kinailangan kong magkansela ng sanlinggo sa Canada, dahil sa bagyo ng niyebe, mangyari po, na nabigyan ako nito ng pribilehiyo na makapunta rito, sa tabernakulo, para sa ilang gabing rebaybal, na ipinangako ko noong umalis ako. At ipinabatid ko, na walang. . ."hindi gawaing pagpapagaling; kundi para lang maipangaral ang Ebanghelyo." Sadyang. . .At dito, tamang-tama, naisip ko

na marahil gugulin natin ang ilang gabi ukol sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Dahil tunay na naniniwala akong nabubuhay na tayo sa huling kapanahunan ng iglesya, sa huling araw, bago ang Pagparito ng Panginoong Jesus.

12 Lagi kong sinisikap na timbangin ang sarili ko, munting iglesya rito, saang dako man ako nangungusap, dahil binigyan ako ng mabuting Panginoon ng Langit ng kaunting pagmiministeryo, na nasa bahaging sobrenatural, gaya ng nauunawaan n'yo. At nanghahawakan ang mga tao sa iyong salita, at—at kaya ako—ako nga'y kailangang maging maingat sa kung anong mga pangungusap ang binibitiwan ko. Dahil, kung ipinagkaloob ng Espiritu Santo ang kapangyarihang ito ng pangitain at espirituwal na pagkilala, na hindi mapag-aalinlanganan, at naririnig ka nilang nagsasalita, ay pakiramdam nila na mayroon kang ideya tungkol sa ipinapangusap mo, o kung wala ay di kailanman pagpapalain ng Diyos ang isang pagkakamali at ipadadala ito sa ganoong paraan. Kita n'yo? Kaya naman kinakailangan mong maging maingat nang husto, at timbangin ito sa liwanag ng Salita, sa lahat ng oras. At doon, kung magkamali man ako, dalangin ko na patawarin ako ng Diyos, dahil hindi ko 'yun sinasadya. At ako. . .

13 At anumang oras, sa pagtuturo, at lalo na sa malalalim na paksang ito na tinatalakay natin ngayon, at kagabi ay *Ang Tanda Ng Hayop*, at mga paksang tulad nun, at ngayong gabi ay *Ang Tatak Ng Diyos*, ang tanda ng Diyos, at iba pang tulad nun, pakiramdam ko, mukhang may mangilan-ngilan na di sasang-ayon dito, sa itinuturo ko tungkol diyan. Pero sinisikap kong gawin ito sa paraang. . .hindi Ito idinidirekta sa alinmang iglesya, alinmang denominasyon, o alinmang tao, hindi nga sa ganoong paraan. Alam 'yan ng Diyos. Sadyang sa Liwanag lamang na nakikita ko ito, sa ganyang paraan ko ito ipangungusap.

14 At walang iglesya na sumasambit sa Pangalan ng Panginoong Jesus ang kundi't minamahal ko. Walang tao na tumatawag sa Kanyang Pangalan, o mayroong anumang pagpipitagan sa Kanya, ang kundi't patutungo ako sa aking kamatayan na gagawin ko ang anuman para sa kanila. Siyanga. Kahit ano pang hero ng relihiyon ang dala-dala nila, ito man ay Methodist, Baptist, Katoliko, ano pa man, hindi 'yan problema sa akin, siyanga, basta't may paggalang sila sa aking Panginoon.

15 Pero, ngayon, may Dibuhong Plano. At ngayon bawat iglesya'y itinuturo, marahil, kung ano ang teolohiya nila sa iglesyang 'yun, sa paniniwala na nakabatay ito sa isang Dibuhong Plano. Buweno, ngayon, madalas, sa pagtingin ko sa mga bagay-bagay, hindi ganoon ang pagkabasa ko sa Dibuhong Plano, kaya may karapatan ako sa sarili kong iglesya na ilatag kung ano ang sa tingin ko ay tama.

16 Dito matagal nang panahon, may isang kontratista . . . Nasa Milltown ako, sa simbahan ng Milltown Baptist, kung saan nagdaos kami noon ng isang rebaybal. At si Kapatid na Wright at kayong lahat, sa palagay ko, ay naaalala n'yo si Marion Lee. [Sinasabi ni Kapatid na George Wright, "Amen."—Pat.] At labis siyang nagulumihanan tungkol sa isang bagay na itinuro ko tungkol sa bautismo sa tubig. Buweno, umuwi siya, at nagulumihanan siya tungkol sa bagay na ito. At isa siyang kontratista.

17 Noong gabing 'yun ay nanaginip siya ng isang panaginip. Ipinakita sa kanya ng Panginoon na nagtatayo siya ng isang bahay, at maglalagay raw siya rito ng isang bintanang mirador. At sa halip na maglagay ng bintanang mirador, naglagay na lang siya ng balkonahe, sabi, "Mukhang ayos naman ito." Mangyari nga na noong dumating 'yung may-ari ng bahay, ang sabi, "Gibain mo ito hanggang sa pundasyon; simulan mong muli."

18 Hayan nga na naturuan siya ng iba kaysa sa itinuturo ng Biblia, kaya ang sabi niya, "Mukhang mainam nga na gibain ko na lang ang pundasyon at itayo itong muli." Sumama ako pauwi sa kanya noong gabing 'yun, tumuloy nang magdamag sa bahay niya. Kaya pagkatapos kami'y . . .

19 Totoo po 'yun. Kinakailangan itong mailatag. At, sa pagtuturo ng mga paksang ito, haya't hindi ako isang guro. Pero sa nalalaman ko ukol Dito, gusto kong ipaliwanag Ito sa mga tao, at ang magkaroon ng pagbubuklod sa palibot ng Salita, habang ginagawa Itong realidad ng Espiritu Santo sa ating puso. At kaya sadyang nagtatamasa tayo ng kaaya-ayang panahon sa paggawa nito.

20 At para makapagpahinga na rin ang ating minamahal na pastor dito, si Kapatid na Neville. Kung may mga baguhan sa ating mga pintuan; ang lalaki po, *rito,* ay ang aming pastor, si Kapatid na Neville, isang tao ng Diyos, isang tunay na lingkod ng Panginoong Jesus Cristo. Hindi ko ito sinasabi dahil nakaupo siya rito. Sinasabi ko ito maging sa likod niya, o kahit saan, siya'y ganoon na mula pa noong makilala ko siya. Isa siyang mariing Methodist noon, at ako naman ay isang mariing Baptist noon, pero kami'y magkapatid, at mangyari nga na pareho kaming naging mga holy-roller. Buweno, hindi ba, kapatid? Amen. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen. Hallelujah!"—Pat.] Kaya mayroon kaming pagkakaisa.

21 Buweno, tayo, nagtatamasa tayo ng kaaya-ayang panahon sa ganitong paraan, "Yung nagbubuklod mismo sa isa't isa, habang ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay nililinis tayo mula sa lahat ng kalikuan." Mangyari nga na nagtatamasa tayo ng maluwalhating panahon, at tunay na pinahahalagahan natin ang mga baguhan sa ating mga pintuan, ngayong gabi, rito.

22 Ang munti nating rebaybal, sa palagay ko iniisip n'yo kung bakit di ito inanunsyo. Buweno, isa lamang itong maikling panahon ng jubileong pagbubunyi para sa ating iglesya rito, at 'yun ang dahilan na marahil tayo . . . Hindi ko alam kung paano mangunguna ang Espiritu Santo, pero baka maglaan ng isang gabi, bago tayo magsara rito, maaari tayong magkaroon ng isang gawain ng pagpapagaling, kung loloobin ng Panginoon. At kaya nga umaasa ako na ipagkakaloob Niya 'yun.

23 Kailangan ko nang bumalik ng Canada ngayon, para ipagpatuloy ang mga rebaybal. At gaya ng alam ng lahat, medyo napakarami naming nakatakdang gawain, puno ang iskedyul hanggang sa petsa ng oras ng pagpunta sa ibang bansa. At naiskedyul na ang lahat-lahat, na magsisimula sa Durban, sa Timog . . . sa Johannesburg, Timog Aprika, sa Setyembre, ng a-tres. At pagkatapos mula roon ay pupunta kami sa Durban; at sa India; at sa Palestina; at Luxenburg; at Frankfurt; at Transjordan; at sa lahat dun. Uuwi sa panahon na pangungunahan kami ng Panginoon na bumalik, kapag sinabi na Niya sa amin na bumalik na kami. Pagkatapos ay mag-iiskedyul uli sila ng panibagong itineraryo para naman sa New Zealand at Australia, at sa iba pang dako roon; at pupunta sa silangan, sa bansang Hapon, at sa mga bansa roon.

24 Pakiramdam ko napakaraming iglesya rito sa palibot, kung saan ang mga tao, oh, naku, haya't para bang nag-aagawan ng miyembro, sa isa't isa, at, pagkatapos, libo-libong mga tao ang di pa kailanman nakakapakinig ng tungkol kay Jesus maski isang beses. At kaya naman nararamdaman ko . . . Pakiramdam ko po ito, sa personal kong pananaw, na tungkulin kong dalhin ang Mensahe sa kanila, sa abot ng makakaya ko. At ngayon habang ako'y . . .

25 Hayaan n'yong sabihin kong muli ngayon, dahil, may nakaupo ritong mga, Methodist, Baptist, Katoliko, Presbyterian, Pentecostal, Pilgrim Holiness, Nazarene, mga nakaupo sa palibot, at 'yan po tayo na . . . Naniniwala akong magiging ganoon ang Langit, parang ganoon, na nakaupo ang buong kalipunan natin doon.

26 At ngayon sa mga mensaheng ito, tulad ng *Ang Tanda Ng Hayop*, at ngayon kapag may matinding kalituhan . . . Naunawaan n'yo ba, kagabi? Kung naunawaan n'yo, sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon mangungusap tayo ngayong gabi tungkol sa tanda ng Diyos, o, *Ang Tatak Ng Diyos*. Ngayon napagtatanto natin . . .

27 Ngayon, hindi po ako mangangaral mula sa dalawang Biblia; ang isa'y sobra-sobra na. Pero dinala ko 'yung isa na may mumunting mga tala sa ibaba ng pahina, at iba pa, gagamiting sanggunian, kung sakaling may magtanong. At ngayon, bukas ng gabi, kung loobin ng Panginoon, pagkatapos ng pangangaral . . .

28 Noong unang gabi, tungkol sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya* na nakikita natin kung nasaan na tayo, kung nasaan tayo, nakaposisyon, sa araw na kinabubuhayan natin.

29 Kagabi, tungkol sa pinaka matinding kriminal na mayroon sa mundo, *Ang Tanda Ng Hayop*.

30 At, ngayong gabi, sa pinaka dakilang pagpapala na mayroon sa mundo, *Ang Tatak Ng Diyos*.

31 Bukas ng gabi, bibigyan ko kayo ng pagkakataon na magtanong sa akin, hayan nga. Bukas ng gabi ang mga katanungan, at mga bagay na hindi n'yo nauunawaan nang maigi tungkol sa mga bagay na ipinangaral. Kayo po'y naging kainaman na mga ginoo't binibini, o kainaman na Cristiano, masasabi ko nga, dahil nakapamalagi kayo nang taimtim sa oras ng mga gawain. Sige't nais kong isulat n'yo, bukas ng gabi pagpunta n'yo sa simbahan, at pumunta lang po kayo nang pinaka maaga na magagawa n'yo, dahil aagahan ko rin ang pagpunta para basahin at sagutin ito, itong katanungan n'yo ukol sa Kasulatan.

Pagkatapos Linggo ng umaga ay regular na Sunday school.

32 Linggo ng gabi, marahil Linggo ng gabi, ay gawaing pagbabautismo. May ilang tao na babautismuhan. At pagkatapos Linggo ng gabi, tayo marahil, ay maaaring magkaroon ng pagi-Ebanghelyong mensahe o gawain ng pagpapapagaling. Titingnan natin kung ano ang pangunguna ng Panginoon para sa gabing 'yun, para sa Linggo ng gabi, kung anong mensahe.

33 Ngayon nalaman natin, bago tayo dumako rito, na, "Walang sinuman sa Langit, walang sinuman sa lupa, walang sinuman sa ilalim ng lupa, ang karapat-dapat na kumuha sa Aklat, o magbukas Nito, o magtanggal ng mga Tatak nito." "Walang sinuman!" Nakita ito ni Juan sa Apocalipsis. At nagtuturo tayo ngayon sa mga Apocalipsis. "At umiyak si Juan. Subalit may isang Cordero na pinatay, mula noong itatag ang sanlibutan; Siya ang karapat-dapat na lumapit at kunin ang Aklat mula mismo sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa Luklukan, at para magbukas ng Aklat, at magtanggal ng Tatak nito." At ang Corderong 'yun, tunay nga, na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. At ngayon kung Siya lang ang nag-Iisang karapat-dapat. . .

34 Namuhay Siya minsan dito sa piling natin, sa lupa, sa anyo ng Tao. Tumahan ang Diyos sa Kanyang Anak, na si Cristo Jesus, bilang Diyos-na-Tao.

35 At bumalik Siya sa Kaluwalhatian, iniwan ang Salitang ito, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayunman, makikita ninyo Ako, sapagkat Ako ay kasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Ang Persona ng Espiritu Santo, ng Diyos, ay bumabalik sa anyo na Kanyang. . . sinabi ni Jesus, "Nagbuhat ako sa Diyos; Ako'y

babalik sa Diyos." Lumabas Siya mula sa Walang Hanggan, humakbang papasok sa panahon; lumabas sa panahon, pabalik sa Walang Hanggan.

36 At hindi Siya nakilala ng sanlibutan. "Siya'y nasa sanlibutan, ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, at gayunman ay di Siya nakilala ng sanlibutan. Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sila...pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos."

37 At, ngayon, ngayon ay kasama natin si Jesus Cristo, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunman makikita ninyo Ako." Ngayon ay magkakaroon ng isang mundo na di nakakakita sa Kanya, at magkakaroon ng *kayo* na nakakakita. "Sapagkat Ako," ang *Ako* ay isang panghalip panao, "Ako'y kasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. At *kayo*," ang mananampalataya, "makikita ninyo Ako hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

38 Mga Hebreo 13:8, ang sabi, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Masdan n'yo Siya sa Kanyang kapangyarihan, ang siya ring Panginoong Jesus, ang siya ring pag-ibig, ang parehong mga kababalaghan, ang parehong mga tanda na lumakip sa Kanya noon, haya't nagpatuloy na tumugaygay. Siya'y nasa Katawang mistikal ngayon, sa Katawan ng mga nabuhay mag-uli, mula sa kasalanan patungong Buhay. Nabubuhay Siya sa kanila.

39 Ang Diyos sa Kanyang dakilang Kaluwalhatian, ang Diyos na 'yun ay bumaba, mula sa pagka-Haliging Apoy, na walang sinuman ang makakahawak, pababa sa isang anyo ng katawang-laman kung saan mahahawakan niya, pero ipinanganak Siya ng birhen. Pagkatapos, doon, ay inalay ang Kanyang buhay para maipako sa krus, para linisin ang makasalanang tao, at makapanahan Siya sa gitna ng mga tao. Napakalaking pag-ibig mayroon ang Diyos para sa tao, na Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili, para gumawa ng isang nilinis na daan para Siya'y makapanahan at umibig sa gitna ng mga lalaki't babae. Ang ganda. Oo. Yun ang ating Ama.

40 Maaari bang makipag-usap tayo ngayon sa Kanya, ang May-Akda ng Aklat, bago natin buklatin ang mga pahina.

41 Mahabagin naming Ama sa Langit, lumalapit po kami sa Iyo, ngayong gabi, sa paraang ipinangako sa amin, "Kung kayo'y hihingi sa Akin ng anuman sa Aking Pangalan, 'yun ay Aking gagawin." Mangyari po na wala kaming katuwiran, wala kaming anuman na maaari naming ipresenta, lumalapit lamang po kami sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na nalalaman na ipinangako Mong makikinig Ka sa pamamagitan ng Pangalang ito.

42 Kaya po hinihiling namin sa Iyo, yamang nalalaman na ang narito sa amin, na pagninilay-nilayan ngayong gabi, ay isa sa mga pinaka bukod-tanging paksa ng panahon, *Ang Tatak Ng*

*Diyos*. Ama, dalangin namin, Panginoon, yamang nalalaman na itong munting grupo ng mga tao na nagkatipon sa dako rito, kung akin silang maililigaw, ay ipagsusulit ko sa Araw ng Paghatol. At kagabi, tungkol sa, *Ang Tanda Ng Hayop*. Oh Ama, dalangin po namin na Iyong patnubayan at gabayan ang mga Salitang 'yun. Nawa'y hindi Ito bumalik nang walang bunga, kundi maganap nawa Nito ang layunin Nito noong isinulat Ito sa Aklat.

43 At ngayon ay pumarito Ka po, nag-Iisang Banal, kunin Mo ang Salita ng Diyos mula mismo sa Biblia, salitain Mo Ito sa pamamagitan ng mga labing mortal, patungo sa mga taingang mortal, at tuliin ang parehong pagsasalita at pakikinig, upang may magawa kami sa pamamagitan ng pagtitipon na ito, ngayong gabi, yamang nalalaman na maaaring may ilan dito, na kung tatagal pa ang mundo ng panibagong taon, ay hindi na sila buhay sa mundong ito.

44 At kami po'y nasa bahay ngayon ng pagtutuwid, sa bahay ng Diyos, kung saan tatayo kami para sa pagtutuwid. At ituwid nawa ako ng Espiritu Santo, at itikom ang aking bibig, gaya ng ginawa Mo sa mga bibig ng leon, kay Daniel. At talos Mo ang puso ko, kung makapagsalita man ako ng isang salita na taliwas o sa ganang sarili ko lamang. Pahiran nawa ng Espiritu Santo ang bawat Salita. Ako'y tatayo lamang na isang sisidlan na walang laman; at nawa'y salitain Niya ang Salita ng Diyos, ngayong gabi, dahil ang mga gutom naming puso ay nananabik na mapakinggan Siya. At Siya nawa, Na sumulat ng Biblia, ay dumating at ipaliwanag Ito sa Iyong mga abang lingkod. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

45 Ngayon bilang kaunting pambungad na tagpo, sa pagsisimula natin ngayong gabi, tungkol sa, *Ang Tatak Ng Diyos*.

46 Huwag n'yong kalimutan, bukas ng gabi, nais naming dalhin n'yo ang mga tanong n'yo. At isulat ito nang malinaw, ilapag dito sa entablado, nang maaga, o sa pulpito, nang maaga na magagawa n'yo. Ngayon ito pong napakagandang paksa na tinalakay natin kagabi . . .

47 Noong unang gabi, bago itong kagabi, tinalakay natin ang Iglesya at ang kapanahunan ng iglesya, kung papaanong nakita natin si Jesus na nakatayo sa gitna ng Pitong Kandelerong Ginto, na may anyong katulad ng batong jaspe at sardio, ang pasimula at ang wakas, Ruben at Benjamin. Nakita natin ang pitong kandelero, o pitong ilawang nakatayo, at isang bahaghari sa ibabaw nito, bilang isang tipan, at kung papaanong nagpakita Siya. At ang Kanyang Tinig ay ang Tinig ng lagaslas ng maraming tubig, kapwa si Cristo at ang Iglesya, na magkasamang nagsasalita; na may gintong pamigkis sa may palibot ng bahaging dibdib ng Iglesya, natatakpan, hawak,

hawak ng Ebanghelyo ang katuwiran ni Cristo sa Iglesya. Nakatayo sa tansong patatagan, Banal na kahatulan; ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Banal na kahatulan kay Cristo, at nagdusa Siya, ang walang sala para sa nagkasala.

48 Pagkatapos, nakita natin kung papaano ito nagsimula sa iglesya ng Efeso; pagkatapos ang ikalawang kapanahunan ng iglesya; ang ikatlong kapanahunan ng iglesya; ang ikaapat na kapanahunan ng iglesya, na labinlimang-daang taon ng panahon ng kadiliman; tumugaygay sa Kapanahunang Lutheran; at Kapanahunan ng Filadelfia; at hanggang sa Kapanahunan ng Laodicea, ang huling kapanahunan.

49 Nakita natin ang Lumang Tipan, kung papaanong ganap sila na nakatipo sa pasimula, kay Solomon, na tumugaygay sa panahon ni Ahab, ang panahon ng kadiliman. At nasumpungan, na tulad ni Jezebel, si Ahab, na isang alanganing mangangaral, o isang lalaki na di-mawari kung bukas ba o sindi. Katulad ng maraming kasapi ng iglesya ngayon na sala-sa-init sala-sa-lamig, mga taong, na di-mawari kung bukas ba o sindi; na nasa simbahan ngayon, bukas ay malalaman mo na lang na nasa ibang lugar na; nakikipagkompromiso, nagpapabaya, nakikisama sa mundo, gayong tinatawag ang kanilang sarili na mga Cristiano. At si Ahab, sa ganoong kalagayan, ay nahulog sa isang magandang munting babae, gayong lantaran ito na ubod ng sama. At pinakasalan pa rin siya, at dinala niya tuloy ang pagsamba sa diyus-diyosan sa Israel, doon mismo sa pinaka madilim na panahon ng Israel, panahon ng kadiliman. Ngayon, nakita natin dun na lumabas sila roon na mayroong tanso na kinatatayuan, at sa labas, at sa huli'y sala-sa-init sala-sa-lamig, hanggang sa isuka sila ng Diyos mula sa Kanyang bibig at tinanggap ang mga Gentil.

50 At ngayon nalaman natin na nagsimula sila sa una, sa—sa Iglesya ng Efeso, noong pasimula, sa kapanahunan ng iglesya; 'yung sumunod na kapanahunan ng iglesya ay nagsimulang lumamig at maging sala-sa-init sala-sa-lamig; tumugaygay, at, umabot sa panahon ng kadiliman. At tulad ng—ng panahong 'yun, pinakasalan ni Ahab ang isang mananamba ng diyus-diyosan, si Jezebel, at dinala nito sa Israel ang pagsamba sa diyus-diyosan; pagkatapos nag-asawa ang Protestantismo at Romanismo, Katolisismo, at ipinasok ang pagsamba sa diyus-diyosan sa iglesya. Lumabas sa pamamagitan ni Martin Luther; pababa kay John Wesley; patugaygay sa Pentecostal; at inilabas, isinuka mula sa bibig ng Diyos; at babaling muli pabalik ang Diyos sa mga Judio, talagang ganoon kaeksakto.

51 Ngayon, alam kong ako'y. . .Sinasabi n'yo, ngayon, ako'y isang tipolohista. Siyanga. Dahil, alam ko—alam ko ang isang bagay, kung nakaharap ako sa direksyon ng anino ko at nakikita ko kung ano ang itsura ng anino ko, mayroon na akong larawan sa isip ko kung anong itsura ko; kung ako ba'y isang hayop na

may apat na paa, o isang ibon na may balahibo, o kung ano, maaaninag sa anino.

52 At ang Lumang Tipan ay anino ng Bago. Natalakay natin ito kagabi, sa Apocalipsis 12, ang babae na nasa ilalim ng kanyang mga paa ang batas, ang buwan at ang araw sa kanyang ulunan, at isang tipo. Mangyari nga, na ang lahat ng mga bagay na 'yun, sinasabi sa atin ng ika-11 kabanata ng Mga Hebreo, na ang lahat ng mga 'yun ay mga tipo't mga anino. Naniniwala ako, sa Mga Hebreo 12, sinasabi dun, "Yamang napapalibutan tayo ng napakakapal na bilang ng mga saksi, itabi nating walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang madaling bumibitag sa atin, upang takbuhin natin nang may pagtitiis ang takbuhing nasa ating harapan." Ngayon, nakita na natin ang mga bagay na 'yun. Pagkatapos kagabi . . .

53 Itinuloy natin dito, para alamin, o—o, noong isang gabi bago nitong huli. Nalaman natin dun, na, ang unang iglesya, kung paano ito nagpasimula, na pinasinayaan ito at nagsimula noong Araw ng Pentecostes, kung saan ibinuhos ang Espiritu Santo sa mga mananampalataya. At nakita natin ang reaksyon ng mga mananampalatayang 'yun, at kung paano Ito kumilos sa kanila, at kung anu-ano ang mga ginawa nila, at ang mga tanda at kababalaghan na lumakip sa kanila.

54 Pagkatapos nakita natin, sa pagsasara ng kapanahunan ng iglesyang 'yun, halos tatlong-daang taon, umusbong ang isang huwad na pananampalataya sa gitna nila, na tinawag na, "ang doktrina ng—ng Nicolaita." Pagkatapos ay nalaman natin, ito'y "mga gawa," sa umpisa.

Noong sumunod na kapanahunan ng iglesya, ito'y naging isang "doktrina."

At pagkatapos ay naging isang "pag-uusig," sa madilim na kapanahunan.

55 Pagkatapos tumugaygay sa kabilang panig, sa dako rito, at nasumpungan na nagpisa ito mismo ng mga iglesyang Protestante na nagsilabas.

56 Pagkatapos bumalik tayong muli pagkatapos at nalaman natin kung papaanong ang lahat ng sala-sa-init sala-sa-lamig ay narito na sa dulo ng kapanahunan, sa panig na *ito*, kung papaano nanamlay ang lahat ng ito. Tulad ng nangyari sa ilalim ng mga Judio, ganoon din ang ginagawa nito sa ilalim ng mga Gentil; nananamlay habang papagawi ito *rito*, ang anino, na lumalamlam.

57 Katulad na lamang, sa panahon ni Wesley, at natalakay natin 'yun kagabi, at si Luther. Napakalaking rebaybal ang natamasa n'yo, pero, sa kasunod, unti-unti ngang nananamlay. Sa kasunod, ito'y mas nanamlay pa. At ngayon isa na lamang itong bunton ng mga kredo't mga anyo. Ganoon na lamang. Kita

n'yo? At ganoon na ito noon pa man. Hayan nga na naituro natin 'yan.

58 Ngayon, malapit na ngayon, makinig kayo, para sigurado kayong matatandaan n'yo. Hindi ko kinokondena ang mga Katoliko, at hindi ko kinokondena ang mga Protestante, dahil mula sa pareho't mula sa kanilang lahat ay nagmumula ang Binhi ng Diyos, sa pamamagitan ng paghirang. Ang mga naitalaga sa Buhay ay makikita Ito at lalakad Dito. Ang mga hindi makakita, ay lalakad sa kadiliman. Ang Diyos ang bahala roon. Ang Diyos ang gumagawa nun. Nanumpa Siya at nangako kay Abraham na Kanyang ililigtas siya at ang kanyang Binhi. Ngayon, kung may Binhi kayo ni Abraham, kayo'y may Buhay na Walang Hanggan, ganoon mismo, at kayo'y mga tagapagmana ayon sa pangako. At ang lahat ng ito'y sa pamamagitan ng biyaya at sa pamamagitan ng paghirang ng Diyos.

59 Ngayon pansinin n'yo, rito. At kung minsan po ako nga'y. . .siguro kung mas hahabaan ko ang pangangaral, o mas dadamihan ko pa ang pagtuturo. Maraming taon na. Ito ang unang pagtitipon na nagturo ako, sa loob ng halos walong taon. At medyo, marahil medyo kinakalawang na ako, sa iba't ibang aspeto. Sige't kung kayo'y—kayo'y. . .Itanong n'yo lang sa akin ang kahit ano na ibig n'yo; ilapag n'yo rito sa entablado, o sa pulpito, at ikagagalak kong sagutin ito.

60 Ngayon pansinin. Mangyari nga na ang lahat ng nalalaman ko tungkol Dito, hindi ko kailanman natutunan sa pamamagitan ng tao, sa pamamagitan ng isang seminaryo. Ako'y nananalangin hanggang sa nagkaroon ako ng kapahayagan ukol Dito, at dapat na maihambing ito sa Salita ng Diyos.

61 Sa Lumang Tipan, may tatlong pamamaraan sila para mabatid ang isang mensahe. Ang unang paraan para mabatid nila, ay kung nakasulat ba sa kautusan; ang kasunod na bagay ay isang propeta; o ang kasunod na bagay ay ang Urim Thummim. Ngayon sinumang tagapagturo'y alam kung ano ang Urim Thummim. Isa itong—isa itong ilaw na kumikislap sa pektoral ni Aaron, na isinasabit nila noon sa templo. Ngayon, kapag nagpropesiya ang isang propeta, at hindi kumislap ang Liwanag dun sa Urim Thummim, mali 'yun. Yun ang Makalangit na tugon ng Diyos, "Mali ito." Pagkatapos kung sila naman. . .Kung may mapanaginipin na nakapanaginip ng isang panaginip, at hindi ito kumislap sa Urim Thummim, mali ito.

62 Ngayon, inalis na ang Urim Thummim, sa ganoong anyo, pero *Ito* na ang Urim Thummim ng Diyos ngayon, ang Biblia. Kung ang isang propeta, o isang mapanaginipin, o ano man, o isang guro, ay di ibabatay ang kanyang teorya nang eksakto sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi ko 'yun pinaniniwalaan, kita n'yo. Kinakailangang manggaling *Dito*, mula Genesis hanggang Apocalipsis, hindi lang sa isang

dako. Kinakailangan na tumutugma Ito sa buong Biblia at dumudugtong Dito nang eksakto. Siyanga, po. Kinakailangan itong maglakip sa lahat ng iba pang bahagi Nito, at pagkabit-kabitin Ito nang sama-sama. Kung hindi, maaaring kunin mo ang isang bagay at sabihing purgatoryo 'yun, at Katolisismo ang ipangaral mula sa Biblia. Pero kinakailangan nga na ganap na magkakalakip mula Genesis hanggang Apocalipsis, na ipapakita ang buong larawan nang malinaw. Tama.

63 At ang Espiritu Santo ang Siyang bumubuo sa larawang ito para sa inyo, kung hahayaan n'yo lamang Siyang gawin 'yun. Papatnubayan Niya kayo sa buong Liwanag. Sinabi mismo ng Biblia. Sinabi ni Jesus na gagawin Niya ito.

64 Ngayon pansinin habang. . .Muli, ngayon, nasumpungan natin kung anong ginawa nila roon. Pagkatapos, pagkaraan ng ilang panahon, nakatanggap sila ng doktrina. Nagkaroon sila ng pag-uusig. Lumabas sila.

65 At pagkatapos ay nalaman natin, na sa araw na ito ngayon, ay inihula ng Biblia na darating ang isang panahon kung kailan tatanggap ang mga tao ng isang tanda, at isang tanda ito ng hayop.

66 Sa tuwing may biglang mapapabalita sa bansa, sinasabi ng lahat, "Yan na ang tanda ng hayop." Noong ang matandang. . . Kaoordena pa lang sa akin noon sa iglesyang Baptist, noong narinig ko ang tungkol sa N.R.A. Buweno, lahat nga'y ang bukambibig, "Yan ang tanda ng hayop." At pagkatapos lahat ng bagay na lilitaw, "Yan ang tanda ng hayop."

67 At ngayon sinasabi nila, "Heto na ang Rusya, komunismo, ito ang tanda ng hayop." Pero, kasinungalingan po 'yan. Hindi 'yan ang tanda ng hayop. Sinasabi ng Biblia kung ano mismo ang tanda ng hayop. Ang tanda ng hayop ay di 'yung malaking laban-sa-relihiyon na laban-sa-bansa na lilitaw na tulad nun. Hindi Rusya ang komunismo; ang komunismo'y isang espiritu. Lahat ng ito'y. . . Hindi natin—hindi natin kailangang mag-alala tungkol sa Rusya.

68 Ang sarili nating kabulukan ang pumapatay sa atin. Ang komunismo'y gumagapang na mismo papasok sa ating mga kaiglesyahan at lahat ng iba pa, alam n'yo 'yun, sa ating mga paaralan, sa ating mga tahanan, sa lahat na ng dako, sa ating bansa. Ang buong bagay ay sadyang kinain na ng uod. Hindi ang ibong robin na tumutuka sa mansanas ang sumisira rito; 'yung uod sa kaibuturan nito ang sumisira sa mansanas. Ganoon mismo, 'yung kabulukan mismo na nasa gitna natin. Nagpapatuloy, tinatawag ang mga sarili natin na mga Cristiano, at ang kilos nama'y tulad ng sanlibutan, ang bihis ay tulad sa sanlibutan, at nakikibahagi sa sanlibutan, at tinatawag ang sarili natin. . .Sawang-sawa't pagod na ang sanlibutan sa

ganoon. At hindi lang ang sanlibutan, maraming mga Cristiano, rin. Oo.

69 Madalas kong sinasabi, "Tulungan ng Diyos ang araw kung kailan ang mga tao'y magiging kung ano mismo sila. Kung laban ako sa Kanya, sasabihin kong laban ako sa Kanya, magiging laban ako sa Kanya sa buong katauhan ko." Pero ako nga'y para sa Kanya, at iniibig ko Siya, at sinasampalatayanan ko Siya. At—at ang buhay ko ay nasa Kanyang mga kamay, para gawin kung ano man ang Kanyang naisin, dahil naniniwala akong ang Cristianismo'y ang Katotohanan. Tama. Naniniwala akong ito ang Katotohanan.

70 Sa pag-iikot ko sa mundo, at sa pagmamasid ko rito sa iba't ibang ismo, at kung anu-ano pa, ang lahat ng kanilang mga tagapagtatag ay patay na't nakahimlay sa libingan, at mayroon silang teolohiya. Hanggang doon lang ang pagkakahalintulad nito sa iglesyang Cristiano, mangyari nga.

71 "Ngunit ang mga nakakikilala sa kanilang Diyos ay gagawa ng kabayanihan." At ang Kapangyarihan ng nabuhay na maguling Jesus Cristo ay mabubuhay sa tao. Siyanga. Hindi Siya patay; Siya'y buhay. "Ako'y kasama ninyo, sumasainyo, at ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Siyanga, po.

72 Tapos titingin ang mundo't sasabihin, "Panatisismo." Nakita n'yo kung saan natin 'yun tinugaygay kagabi, sa tulong ng Diyos.

73 Ngayon, nalaman natin na ang unang bagay na lumitaw para bumuo ng anumang anyo ng hayop, sa lahat, o . . . Ang ibig sabihin ng *hayop* ay "kapangyarihan." Natalakay na natin ang lahat ng mga simbolo at lahat ng bagay, kagabi, para patunayan na ang hayop ay kapangyarihan. At hindi ito nagmula sa Rusya. Nagmula ito sa Roma. Siyanga. Galing ito sa Roma.

74 At hindi ito—hindi ito isang grupo ng mga kalalakihan. Hindi ito isang organisasyong pulitika. Isa itong institusyon na panrelihiyon. Isa itong simbahan na "naroon sa ibabaw ng pitong burol," na may isang tao na may kapangyarihang kumukontrol sa buong mundo, roon. Sakto mismo. At nalaman natin na isa itong babae, at inilarawan natin ito nang napakalinaw. Hindi ako bumabaling sa sarili kong interpretasyon; binabasa ko lamang ang Biblia. Na, wala nang iba pang lugar sa mundo, wala nang iba pang lungsod sa mundo, na siyang kumukontrol sa buong mundo. Sa bawat bansa, ang bahid na 'yun ng Romanismo'y naroon na parang yaong sampung daliri sa paa sa pangitain ni Daniel, at nalaman natin na ang Siyudad 'yun ng Vatican.

75 Halos sandosenang debotong Katoliko ang nakaupo rito kagabi. Naupo sila nang tahimik at nakinig. Sinsero sila. May pagkagutom sila.

76 Ngayon, hindi ka maaaring makipag-argumento sa pari. Hindi siya makikipag-argumento, dahil, para sa isang pari, "Kapag ang iglesya ay magsasabi ng isang bagay na iba sa Bibliang ito, ang iglesya ang tama." Para sa akin, ang Biblia ang tama at ang iglesya ang mali. Kita n'yo? Hindi ka maaaring makipag-argumento sa kanila. Sila, ang inyo kasi. . .Haya't walang paraan para makipag-argumento. Walang paraan para makipagdiskusyunan o makipagdebate. Dahil, naniniwala sila, "Na kung ano ang sabihin ng iglesya, 'yun na! Ganoon daw, kung ano raw ang sabihin ng simbahan, kahit ano pa ang sabihin ng Biblia. Kung ano raw ang sinasabi ng iglesya!" Sa iglesya sila nananalig. Sa Biblia tayo nananalig.

77 Ngayon nalaman natin na tinawag ang babae. . .Ang simbahan ay isang babae. At tahasan siyang tinawag na, sa salitang magaspang ay "PATOTOT," at pagkatapos siya'y "ANG INA NG MGA PATOTOT." At nalaman nating ang iglesyang Katoliko ang unang inang simbahan. Siya'y eksaktong ganoon mismo sa sinabi niya kung ano siya. Siya ang unang iglesya na naorganisa kailanman. Kailanman na inorganisang relihiyon ukol sa Diyos, haya't ang iglesyang Katoliko nga. Ang unang organisasyon na naorganisa kailanman sa buong mundo, ukol sa relihiyong Cristiano, ay ang iglesyang Katoliko. Ngayon. . .

78 At pagkatapos, sa huli'y, siya "ANG INA NG MGA PATOTOT." Nagsilang siya ng mga iglesya, na wangis niya, dahil hindi maaaring mga lalaki sila, kinakailangan nga na mga babae sila, at nalaman natin na ang iglesyang Protestante'y produkto ng simbahang Katoliko. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga Kasulatan, at pag-aaral ng aklat n'yo ng kasaysayan, makikita natin na ang iglesyang Protestante ang produkto. At hindi maaaring sigawan ng Protestante ang Katoliko, dahil, ukol sa dalawa, binanggit nga na sila'y "MGA PATOTOT" at "PATOTOT." Tahasan mismo, anupa't 'yan nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama.

79 Masdan n'yo, pagkatapos ang sabi niya, "Ating," sa Estados Unidos, sabi nila, "ating gawin ang isang larawan para sa hayop." Kung ang hayop ay isang kapangyarihan, at ang kapangyarihan ay isang organisasyon; haya't di tayo bumabaling sa teorya ngayon. Ito'y Salita mismo ng Diyos. Inorganisa ng organisasyon ng iglesyang Katoliko ang kani-kanilang sarili nang sama-sama at gumawa ng pas-. . . kasunduan. At nagtalaga sila, na tinatawag nilang, ang "mga naunang magulang" nang magkakasama, at inorganisa ang iglesyang Katoliko, at bumuo ng isang—isang—isang—isang rituwal, at tungkol sa kung ano ang paniniwala nila't kung ano ang ituturo nila, isang unibersal na paniniwala raw. At ipinuwersa nila ito sa mga tao, sa pamamagitan ng pagpaparusa.

80 At pagkatapos noong lumabas si Martin Luther, yamang nakita niya na inaakay siya palabas ng Espiritu ng Diyos, haya't

sa halip na hayaang manatiling malaya ang mga tao, kanyang inorganisa ang iglesya, isang larawan na kahalintulad ng hayop, isang kapangyarihang pampulitika na tulad nito. Sa halip na hayaang lumakad ang mga tao sa Liwanag na ibinibigay ng Diyos, nag-organisa sila sa ilalim ng isang kaalamang-disiplina, at kinakailangan daw nilang manatili sa kaalamang-disiplina na 'yun.

81 Lumipat ang Diyos sa iglesya ng Methodist. Nagkaroon ang Methodist ng rebaybal na lumaganap sa mundo; kaakibat nila ang Espiritu Santo, na itinuturo ang pagpapaging banal. At malalaman mo na lang, noong gawin nila 'yun, hayan nga na nakapag-organisa sila ng isang iglesya, gumawa ng larawan ukol sa hayop, siyanga, isang pulitikal, na organisadong kapangyarihan, para igapos ang bayan ng Diyos sa isang kredo, sa halip na maging malaya na sumasamba at lumalakad sa Liwanag na pagtama ng Liwanag sa kanilang landas.

82 Ibinalik nila sila, sa kapanahunang 'yun. Yun nga'y mabuting Liwanag para sa panahon na 'yun noon, 'yun nga'y ang Liwanag para sa—para sa iglesya ng Pergamo.

83 Pero papaano naman sa iglesya ng Filadelfia? Iba na namang liwanag 'yun. Pero, nakita n'yo, kahit gaano pa silang nag-organisa nang mabuti, haya't lumabas ang Diyos sa kapanahunan ng iglesyang *'yun*, ano't anuman, nagsugo ng isang tao, na nagngangalang John Wesley. Hindi 'yun masundan ni Luther, dahil hindi niya 'yun paniniwala. Siya'y naorganisa na kasi sa dako *rito*.

84 Pagkatapos si John Wesley ay mariing naorganisa, at dumating sa isang dako, na panahon na para pumasok ang kapanahunan ng iglesyang *ito*. Ipinadala ng Diyos ang grupo ng mga Pentecostal; lumabas dito na may bautismo ng Espiritu Santo. Oh, sabi ng Methodist, "Uh-oh. Huh! Hindi kami maaaring sumama Riyan. Huh-uh! Hindi kami naniniwala sa ganyang bagay. Oh, hindi." Bakit? *Ito* 'yung liwanag na nilalakaran nila, *nandito*; pero *heto* na ang liwanag na para *rito* ngayon.

85 Papunta na tayo sa paglubog ng araw. Naaalala n'yo ba ang sinabi ng propeta? "Ito'y magiging isang maulap na araw, hindi gabi o araw, ngunit Magliliwanag sa oras ng gabi." Ang Liwanag na minsang sumikat noon sa silanganing bansa sa mga Judio, doon sa silangan (ang mga Judio'y isang bayan sa silangan), Ito'y sumisikat ngayon sa mga Gentil; ang parehong Liwanag, ang siya ring Espiritu Santo, sa mga huling araw rito, ang siya ring bautismo ng Espiritu. Tinugaygay natin ang lahat ng mga kapanahunang ito hanggang sa makarating dito, kung saan hindi Maliwanag o madilim man na panahon, kundi isang maulap, na mapanglaw na araw; pero *dito* mismo, habang sumisinag ang Liwanag na kapareho noon.

86 Kaya naman, "Siya'y katulad ng batong jaspe at sardio; Alpha, Omega, ang Simula at ang Wakas; Siyang Nakaraan, Ang Ngayon, at Ang Darating; ang Ugat at Supling ni David; ang Tala sa Umaga." Hayan ito. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sana'y makita n'yo ito.

87 At, alalahanin n'yo, na nakita natin, na wala ni isa mang pagkakamali, na ang tanda ng hayop ay isang tanda ng apostasiya, 'yun nga'y, nagsisikapit ang mga miyembro ng iglesya sa kani-kanilang iglesya sa halip na lumakad sa Liwanag. Tinatanggihan nila ang Liwanag, at kaya wala nang natitira pa kundi kadiliman. Ganoon mismo, sa parehong Katoliko at Protestante. May "isang hayop, isang patotot," at siya'y may mga "patotot" na mga anak na babae. At ang mga patotot na mga anak na babaing ito, noong una, sila'y mga birhen mula sa Liwanag ng panahong 'yun, at nag-organisa sila't dinala ang mga tao rito sa ibaba, pabalik dito, sila'y pinaging parehong bagay gaya ng kinasadlakan ng Roma noong simula. Ang sabi nga ng Biblia. "Ang hayop; at isang larawan ng hayop; ang letra ng kanyang pangalan," at kung anu-ano pa.

88 Tinalakay nga natin ang buong bagay na 'yun, kagabi, at ang Biblia nang malinaw. . .na hindi teorya ng kung sino. Kundi inilatag ito ng Biblia, na ang pitong ulong 'yun, hayop na may sampung sungay [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] mula sa Roma, ay naroon sa Roma, at "naging siya, na mawawala; at naging siya, at mawawala na naman," isang papa pagkatapos ng isa, isang papa pagkatapos ng isa, at mapupunta sa kapahamakan. At nalaman natin na ang babae ring 'yun ay nanganak ng ilang mga anak na babae. Mga birhen sila sa pasimula, lumakad sa kung anong Liwanag na mayroon sila. At pagkatapos ay nagsimula silang umakto na parang mga patotot, at bumaling pabalik mismo sa paggawa ng parehong bagay na ginawa ng kanilang ina. Eksakto. Eksakto.

89 Hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo, mga kababaihan. Makinig. Maaaring wala kayong gaanong tiwala sa akin ngayon, kapag sinasabi ko ang mga bagay na ito. At ito'y hindi para saktan kayo; ito'y para tulungan kayo. Anupa't kapag nakikita n'yo ang mga tao, ang mga simbahan ngayon, na pinapayagan ang kanilang kababaihan. . .Ngayon, ako—ako nga'y dadako rin sa kalalakihan, maya-maya. Mangyari nga na pinapayagan nila ang kanilang mga kababaihan na gawin ang ginagawa nila ngayon, at heto sila na nag-aangkin na Cristiano! Hindi ko kayo sinisisi mga kababaihan; sisisihin ko kayo, pagkatapos ng gabing ito. Pero, tingnan n'yo, hindi ko—hindi ko kayo sinisisi mga kababaihan ngayon. Pero, kapatid kong babae, marami rito sa mga tagapagturo sa seminaryo rito, o taga-sementeryong mga tagapagturo, o kung ano ang tawag n'yo rito, na nanggaling dito sa kung saan, haya't kanilang pinababayaan kayo na lumakad sa mga delusyon na 'yan. Sinabi ng Biblia na mga bulag sila, na

umaakay ng bulag. Totoo.

90 Ngayon, at si Jesus, pagkakita rito, at nalalaman na ang ilan dun sa mga iglesyang Protestante'y magsisilakad mismo diretso sa pintuan ng Liwanag, at tatalikod. Si Jesus, sa Mateo 24:24, ay nagsabing magiging *ganoon* nga, ang anticristo ay magiging *lubhang* malapit na tulad Niyaong tunay, hanggang sa madaya nito maging ang mismong Hinirang, kung maaari.

91 Ngayon, kita n'yo, Romanismo, Katolisismo, oh, tinamaan nito ang ilan sa inyo na mga Protestante sa ulo. Pero, ang isang tao na may kaunting taglay na biyaya sa kanya, kaunting . . . may alam na kaunti tungkol sa Biblia, iiwas nga siya't lalayo. Tama. Yung panghihikayat nito'y itim sa kanya; alam niyang walang kabuluhan 'yun, 'yung lahat ng mga bagay na 'yun na itinuturo nila. Wala ngang Kasulatan para dun; may mga pagkakataon, na tumatama sila nang kaunti.

92 Ang pinaka matinding kasinungalingan na sinabi kailanman, ay may kalakip na maraming Katotohanan sa loob nito. Tunay. At ang una, noong makipag-usap si Satanas kay Eba, maraming Katotohanan ang sinabi niya. Pero mayroon siyang parang, sa ilalim nito, mayroon siyang kasinungalingan na kumondena kay Eba, at sumira sa buong henerasyon, sa buong sangnilikha. Siyanga.

93 Kailangan n'yong bantayan 'yun. Kinakailangang dumating ito na Katotohanan *dito* at Katotohanan *dito*, Katotohanan *dito* at Katotohanan *doon*. Bawat katiting nito, Katotohanan mismo; lumilinya nang pare-pareho, mula umpisa hanggang dulo.

94 At pagkatapos hayan nga na nakikita ng mga tao na ang unang iglesya noon ay naiilawan ng ilawang kandelero na 'yun, at pagkatapos *dito* ay makikita ang parehong bagay na nangyayari na rin kung ano ang nangyari dun noon, at sinasabi ng Salita ng Diyos na ito'y "Si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At tatanggihan ito? Ipinapakita lang nito na tinanggihan nila ang Liwanag, at lumalakad sa kadiliman; ang tanging bagay na natitira.

95 Totoo 'yun, kapatid ko. Hindi ko 'yun sinasabi para magmarunong. Alam ng Diyos 'yun. Alam Niya ang puso ko. Mayroon akong ministeryo, at marami pa sa hinaharap ko. At nalalaman na darating ang araw, sa Dako ng Paghatol, na mananagot ako sa mga bagay na ito. Ganoon mismo. Kung masusumpungan ako na isang huwad na tagapagparatang, o isang huwad na tagapagturo, kung ganoon ay hahatulan ako ng Diyos. Siyanga. Pero kung nalalaman ko ang Katotohanan ng mga bagay na ito, at hindi sasabihin sa inyo, Kanyang hahatulan ako kung ganoon, siguradong-sigurado.

96 Sinabi sa tagapagbantay, "Magbantay ka! Kung mabibigo kang magbabala, kung ganoon ay Aking—Aking hihingin sa iyong kamay. Ngunit kung magbabala ka, at itinuloy pa rin

nila, mamamatay sila sa kanilang kasalanan, ngunit hindi ko ito hihingin sa iyong kamay. Magiging malaya ka."

97 Kaya gusto nating maging maingat na talagang alam natin kung ano ang Katotohanan, ayon sa Biblia. At kung paano nagpasimula ang kapanahunang 'yun, at kung anong ginawa nila noon, at ngayon nga'y nakikita natin ang iglesyang Protestante nang ganoon na ganoon mismo.

98 Tingnan n'yo rito. Dati-rati, matagal nang panahon, haya't kayo na mga holiness, mali noon para sa inyo na mga kababaihan na magpaputol ng inyong buhok. Ano nang nangyari tungkol dito? Gayong sinabi ng Biblia na ang isang . . . kung puputulan ng sinumang babae ang kanyang buhok, may karapatan ang asawa niya na idiborsyo siya. Tahasang pagtuturo, pero anupa't 'yun ang Biblia.

99 At kayong kababaihan, ay lumalabas dito at magtatabas sa inyong bakuran, na naka-oberol, at nakasuot ng damit panlalaki. At sinabi ng Biblia, sinabi ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, "Ang isang babaing mananamit ng nauukol sa lalaki, ito'y isang karumal-dumal, karumihan sa paningin ng Diyos." At ginagawa n'yo ito.

100 At naninigarilyo kayo, nagpupunta kayo sa mga sayawan at mga palabas, at miyembro-miyembro pa rin sa iglesya. Ipinapakita mong kabahagi ka sa kung anong bagay; na hindi ka natatakan sa Langit, ng Espiritu Santo. Maya-maya dadako tayo riyan, at ipapakita ko sa inyo ang iba kaysa riyan. Ngayon, isa lamang 'yang munting bagay.

101 At kayong kalalakihan, nagpupunta sa simbahan, naglalakad sa lansangan na may sigarilyo sa inyong bibig, na parang isang—isang Texas na kapong baka, na tinanggalan ng sungay. At kukuha . . . Hindi ko po sinasabi 'yan bilang biro. Hindi ako naniniwala sa pagbibiro sa pulpito. Ang sinasabi ko'y Katotohanan mismo. Pupunta sila sa lansangan, at mauupo sa mga lugar, at magsisinungaling, at magnanakaw, at dadayain ang isa't isa, at mga diyakono sa lupon ng iglesya.

102 Pupunta sa mga simbahan at maglalaro nitong mga larong bunco, 'yan nga'y walang iba sa mundo kundi talamak, na kasuklam-suklam na loterya. Siyanga. At ginagawa n'yo ito, at pagkatapos bubulyawan n'yo ang isang kubrador. Ganoon din kayo kasama, sa inyong mga simbahan, kayong mga Methodist, mga Baptist, at mga Pentecostal, kung sino man kayo na gumagawa nun. Siyanga. At alam n'yong katotohanan 'yan. Pero ano nga 'yun? Nagbubunton lang kayo ng gaya ng inyong ina roon. Parehong-pareho, at kaya di matatawag ng kaldero ang takure na maitim. Haya't naroon ang espiritu ng mga bagay-bagay.

103 Pero wala akong anumang laban sa mga Katoliko. Wala akong anuman na laban sa Methodist, o sa Baptist, o sa

Presbyterian. May mga tao ang Diyos, mga Binhi ni Abraham, sa mga dakong 'yan. Ito'y hindi laban sa mga tao. Ito'y tungkol sa mga iglesya nila, na inoorganisa ang kanilang mga sarili roon, at sinasamba nila ang iglesya sa halip na ang Diyos. Oh, kayong mga Protestante'y ayaw maniwala sa bagay na 'yan, pero ginagawa n'yo mismo, ano't anuman. Sasabihin ko, "Isa po ba kayong Cristiano?"

104 Buweno, dito di pa katagalan, tinanong ni Kapatid na Bosworth ang isang babae, sabi, "Isa ka bang Cristiano?"

105 Ang sagot ba naman, "Isang Cristiano? Ipapaunawa ko sa'yo, nagsisindi ako ng kandila gabi-gabi!"

106 Buweno, ngayon iniisip n'yong mga Protestante na nakakatawa 'yun? "Isa ka bang Cristiano?" "Ipapaunawa ko sa'yo, isa akong Methodist," o "isang Baptist." Buweno, wala nga 'yang anumang ipinapahiwatig kundi ang lumayo ka na sa araw ng biyaya, sa ganang sarili mo, sa tingin ko; siyanga, kung ganoon ka lang, na isa lamang Methodist o isang Baptist. Kung hindi ka isang Cristiano sa Methodist na 'yan, o Baptist, o simbahang Katoliko, ikaw nga'y ligaw. Siyanga. Kaya 'yan mismo ang tanda mo.

107 Espirituwal ang parehong tanda. Ngayon patutunayan ko ito sa inyo sa pamamagitan ng Biblia. Ang parehong tanda ay mga espirituwal na tanda.

108 Ang inaakala ng maraming tao, "Lilibot sila't may imamarkang tato sa noo n'yo, at may imamarkang tato sa kamay n'yo." Nalaman natin, kagabi, na isang kasinungalingan 'yun. Siyanga, po. Mali 'yun. Isa itong espirituwal na tanda. Ito'y—ito'y tagong-tago lang. At, tingnan n'yo, madalas. . .

109 Ngayon alam ko na marami ang nasasaktan ang damdamin na para bang nanggugusot ng balahibo, at ito—ito—ito po'y parang mahirap. Pero ito—ito'y magtutuwid kung magagawa lang natin. . .at bibigyan ang Diyos ng kaunting pagkakataon. Hindi ko—hindi ko intensyon na maging marahas, pero ako—ako lamang ay nagsasabi ng katotohanan, nang buong puso ko.

110 Noong makita ni Jesus Cristo 'yung iglesyang Protestante na mahulog mula dun sa iglesyang Katoliko na 'yun, at lumabas at diretso namang bumalik, haya't bumaling pabalik muli tulad ng ginawa nila, ang sabi Niya, "Ang espiritu'y magiging napakalapit, hanggang sa dadayain nito maging ang mismong Hirang. . ."

111 Napagtatanto n'yo ba, mga kaibigang Cristiano, na ang anticristo, na siyang tanda ng hayop, ang anticristo. . .? Sinuman ay alam 'yan. Ang anticristo nga, 'yun ang tanda niya, 'yung. . .ng kanyang kapangyarihan, at nakita n'yo, ang hayop ay isang kapangyarihan. May kapangyarihan ng simbahang Katoliko. May kapangyarihan ng iglesyang Methodist.

112 Nagpunta ako, dito di pa katagalan, sa isang napakabuting ginoo. Kung hindi ako nagkakamali, nakaupo siya rito mismo sa simbahan ngayong gabi. At ang munting Edith Wright at ang iba pa'y nagpunta sa pagtitipon dito lang, walang dalawampung milya mula sa lugar na ito. At, kami, mga tao. . . Ipinapangaral ko lamang ang Ebanghelyo ng kaligtasan. Kinailangan naming umakyat sa mga sasakyan para makaapak sa lugar. At noong gabing 'yun, direkta akong sinabihan nung pastor, ang sabi, "Ikinalulungkot kong sabihin sa'yo, Rev. Branham. Pero nabanggit nila sa akin na mayroon daw silang ilang maysakit na pumunta roon, at dumating ang taga-distrito namin at sinabi, 'Walang Makalangit na pagpapagaling sa loob ng iglesyang Methodist.' Kaya kinakailangan mong pumunta sa entablado, pauwiin ang sarili, at iwan ang kongregasyon." Ganoon daw.

113 Bakit? Ang kapangyarihan ng iglesyang Methodist. Yan ay kapangyarihan ng hayop. Pareho rin ang iglesyang Baptist; Campbellite, at Lutheran, at ang lahat ng iba pa sa kanila, at ang Pentecostal, ganoon din kagrabe. Siyanga. May mga kilala akong Pentecostal. . . At ang Assemblies of God ay pumasok na sa konseho ng mga iglesya, na isang—isang. . . Naikabit na nila ang sarili nila rito, at kasa-kasama ng matandang "inang" patotot. Mangyari nga na bawat organisasyon ng iglesya ay nagmumula sa Roma. Hayan ang ina nito. At hindi ako isang Latter-Day saint, o Latter-Day Rain, o kung ano man ang tawag n'yo rito. Ayaw kong. . . Hindi ako kaugnay sa alinman dun.

114 Pero ganito ang mithi ko, na ang mga kalalakihan at kababaihan ay dapat na maging malaya kay Cristo Jesus, na lumakad sa Liwanag. At ang bawat iglesya ay dapat ganoon din. Totoo 'yun.

115 Ngayon, pansinin n'yo ito, kung papaanong ang Biblia. . . Unawain n'yo 'yun. Ang organisasyong 'yun, tandaan n'yo, doon ito nakasalalay, doon mismo. At nalaman natin, na noong nagpasimula noon ang simbahang Katoliko, mayroon silang huwad na bautismo na dala-dala nila, 'yung pagwiwisik sa halip na pagbabautismo. Wala ni isa mang Kasulatan sa Biblia para dun. At hindi lang 'yun, pati ang ukol sa Espiritu Santo, at pagbabautismo sa tubig, at mga anyo, at mga titulo, at lahat na ng iba pa, na isang pagkutya sa tunay. At walang ministro sa bansa, ang makapagpapakita sa akin ng isa mang dako kung saan ginawa 'yun kailanman sa sinaunang iglesya. Siyanga. Wala ito sa Biblia. Pero lumabas sila na dala-dala ito, at anupa't niyuyukuan natin ito mismo. Nakikita n'yo ba kung saan na tayo mismo bumabalik?

116 At ngayon ay nagtataka kayo kung bakit wala tayong rebaybal. Yan mismo ang dahilan, kapatid. Ang kailangan natin ngayon ay isang mainam, na makalumang, rebaybal ni San

Pablo, at ang Espiritu Santo ng Biblia na maipanumbalik sa lupain muli. Yan ang kailangan natin. Ngayon . . .

117 At tinanggap nila ang "tanda ng hayop," o "ang letra ng kanyang pangalan," na ginawan nila ng larawan. Ang larawan ay ang organisasyon na katulad ng simbahang Katoliko. Inorganisa nila ito at gumawa ng larawan ng simbahang Katoliko. Ang iglesyang Methodist ba'y isang larawan nito; ang iglesyang Baptist, ang iglesyang Presbyterian, ang iglesyang Pentecostal, ang iglesyang Holiness, ang Pilgrim Holiness, ang United Brethren? Bawat isa na nag-organisa, ay ginaya mula roon. Wala ito kailanman sa Biblia ng Diyos. Siyanga. Mga organisasyon; pag-oorganisa!

118 Ang Diyos ang tagapanguna. Dalhin n'yo man ito pabalik hanggang sa pinakanakaraan na gusto n'yo. Tingnan n'yo ang Israel, na lumalabas mula sa Egipto.

119 At ang lahat nung mga taga-Moab na nakatayo roon, na ganoon din kapundamental, naghahandog ng mga hain; pitong dambana, pitong kam- . . . pitong tupa, na tumutukoy sa pagparito ni Cristo; pitong baka, isang malinis na handog. Naroon mismo, ang dakila niyang propeta na nakatayo roon, si Balaam, para sumpain ang Israel. At hayun ang Israel . . . Hayun ang Moab, isang dakilang bansa. Naroon ang mga Amorrheo't lahat na, isang dakilang bansa, sama-samang inorganisa bilang isang bansa.

120 At kalat ang Israel doon sa labas sa kaparangan na may ilang bilang ng mga tolda. Sila'y mga "manlalakbay at mga dayuhan, na naghihintay para sa isang Bayan na parating," mariing interdenominasyunal mismo. At anong ginawa nila? Mayroong silang mga tanda't mga kababalaghan na kalakip nila. Ang mga ito'y wala; at naiinggit sila sa mga 'yun. Ang mga 'yun ay mga espiritu.

121 Kinukuha ng Diyos ang Kanyang tao, pero hindi kailanman ang kanyang espiritu. Kinuha Niya si Elias, at dumako ang espiritu niya kay Eliseo, pagkalipas ng ilang daang taon, dumako ito kay Juan Bautista, inihulang muli na darating sa huling araw.

122 Kinukuha ng diyablo ang kanyang tauhan, pero hindi kailanman ang kanyang espiritu. Ang siya ring relihiyosong guro na humatol kay Jesus Cristo dahil sa Kanyang mga himala't mga tanda at mga kababalaghan, at hindi sumasang-ayon sa Kanya sa Kasulatan, ay tahasan mismong mapangahas para lumapit at sabihin sa Kanya ang tungkol dito. Ang siya ring espiritung 'yun ay nabubuhay mismo sa eklesiyastikal na tagapagturo sa panahong ito . . . ? . . . itinalaga ng Diyos para dumating sa paghatol na 'yun. Ganoon ang sinabi ng Biblia. "Mga taong malaon na, itinalaga sa kahatulang ito, upang palitan ng kahalayan ang biyaya ng Panginoon." Ganoon na ganoon. Sa

Jude, sa ika-3—sa ika-3 talata ng—ng Jude, makikita n'yo ito. Siyanga.

123 Pansinin n'yo ang lahat ng mga bagay na 'yun na nagpapatunay rito, na mayroong tanda ng hayop. Naroon nga ito. Kaya kapag patakbo-takbo kayo rito sa palibot na nagsasabi, "Buweno, ipapakita ko kapag dumating na ang tanda ng hayop," mag-ingat kayo na sana'y wala pa kayo nito. At 'yung mga mayroon na, ay parurusahan sa apoy at asupre, na ibubuhos mula sa saro ng poot ng Diyos, para pahirapan araw at gabi, magpakailan-kailanman. Seryosong bagay po ito. Ngayon papaaano ang pagtakas n'yo?

124 Darating ang panahon, na paparating na ngayon. Pansinin, at sa organisasyong 'yun na nagpapatuloy. . .Ngayon hayaan n'yong bigyan ko kayo ng kaunting pahiwatig dito. Sa organisasyong 'yun na nagpapatuloy gaya nun, darating ang panahon kung saan kinakailangan n'yong mapabilang sa organisasyong 'yun o kung hindi'y hindi kayo makakabili o makakapagbenta; o magkaroon ng tanda na 'yun ng apostasiya, tanda ng iglesya. Kinakailangan n'yong mapabilang sa kung anong organisasyon o kung hindi'y hindi kayo makakabili o makakapagbenta.

125 At, makinig kayo, sa inyo na alam na ang Katotohanan. Hindi ko sinasabing umalis kayo sa iglesya n'yo. Wala akong sinasabi laban sa inyong. . .tungkol sa inyo o tungkol sa inyong mga miyembro. Ang sinasabi ko'y tungkol sa punong-himpilan, noong inorganisa nila ang bagay na ito, at ginawa ito, "Gagawin natin ang *ganito*. Gagawin natin ang *ganoon*." At itinakda nila ang mala-bakal sa higpit na panuntunang 'yun. At pagpipira-pirasuhin ito ng Diyos, at ilalabas ang Kanyang Iglesya mula rito; sa tuwina'y 'yun ang Kanyang ginagawa.

126 Tingnan n'yo roon sa paglalakbay ng mga anak ni Israel. Gumawa sila ng apoy. Nagpapalipas sila gabi-gabi. At nasa ibabaw nila ang Haliging Apoy. At di ko alintana anumang oras sa araw o gabi na uusad ang Haliging Apoy na 'yun, iihip ang mga trumpeta't magliligpit ng kampamento ang Israel at lalarga. Yun man ay hatinggabi, alas dos ng hapon, anumang oras, magliligpit at magliligpit sila ng kampamento at sumusunod sa Haliging Apoy. Tama ba? Sinusundan nila ang Apoy.

127 Buweno, noong nakita ni Martin Luther ang Apoy ng Diyos na umusad, lumabas si Martin Luther, sinundan ang Apoy palabas ng Katolisismo. Pero nagtayo siya sa ilalim nun at nag-organisa ng kanyang iglesya, at hindi na siya nakausad pa.

128 Nagpatuloy sa pag-usad ang Apoy, at nakita Ito ni Wesley, at umusad siya para sundan Ito. Ganoon nga. Iniwan ng Apoy ng Diyos si Luther na napag-iwanan. Pagkatapos, nalaman n'yo na lang, nagtayo na si Wesley sa ilalim Nito, ng iglesyang Wesleyan Methodist.

129 At pagkatapos ay dumating si Alexander Campbell, si John Smith kasama ang Baptist, at ibang pang tulad nun, at sina Moody, at lahat sila. Pagkatapos, nalaman n'yo na lang, unti-unti na silang nanangan sa rituwal, at pagkapormal, naging malamig, noong mamatay ang mga naunang propeta, at iba pa. Umusbong itong bagong grupo na walang-wala kundi edukasyon mula sa seminaryo, at pagkatapos, nalaman n'yo na lang, nakialam ang mga kamay na 'yun at ginulo ito.

130 At umalis ang Espiritu Santo, at nakita Ito ng Pentecostal at sumunod sila; mismo, lumabas, palayo sa mga Methodist at Baptist, at iba pa. Ngayon ang kalunus-lunos na bagay nito, pero para matupad ang Salita ng Diyos, nag-organisa ang mga Pentecostal, at naging kasing lamig at maka-rituwal din tulad ng iba pa sa kanila. Pero, tingnan n'yo, hindi na magkakaroon pa ng panibagong kapanahunan ng iglesya. Ang huling kapanahunan ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, na hindi mainit o malamig man. Sapat-sapat lang na relihiyon, na kapag tumutugtog ang musika, ay magsasasayaw nang paroo't parito sa pasilyo, at saka mauupo, uuwi at pagtsitsismisan ang kapitbahay.

131 Ang kailangan natin ngayon ay isang makalumang, Espiritu Santo, na ipinadala ng Diyos na pagpapaalab, isang rebaybal na magbubunsod sa inyo para magpatirapa sa inyong mukha at humagulhol, araw at gabi, at lumuha't tumangis, at magpuyat, para sa mga kasalanan ng mundo. Dadako tayo riyan. Siyanga.

132 Pero hayan nga ang mga ito. Diyan tayo humantong, sala-sa-init sala-sa-lamig. Sinabi ng Diyos, "Nasusuka Ako sa Aking tiyan! Isusuka Ko na lamang kayo sa Aking bibig." Hayun ang iglesya, ang iglesyang Protestante, tinanggihan. Tinanggihan ang iglesyang Protestante; mula Pentecostes hanggang kay Luther, bawat bahagi Nito. Ganyan mismo ang sinasabi ng Salita ng Diyos.

133 Pero mula sa bawat isa sa mga iglesyang 'yun, ay kumuha Siya ng Hirang. Ipinalabas Niya ang Binhi mula sa bawat isang 'yun, mula sa Methodist, sa Baptist, sa Presbyterian, sa Lutheran, sa lahat nun, Katoliko, at lahat na. Kumuha Siya ng nalalabi, inilabas ang isang bayan.

134 Dito hindi pa katagalan, nakahimlay ang isang munting binibini rito sa Louisville, Katoliko, naghihingalo. Nagpunta ako roon. At ang sabi ba naman ng pari, "Kalokohan, ang ganyang bagay!"

At ang sabi ng asawa niyang lalaki, "Tumabi ka. Papasukin mo siya."

135 Pumasok ako roon. At inaasahan nilang mamamatay na ang babae kinaumagahan. Habang ipinapanalangin siya, may isang pangitain na lumitaw, at ang sabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Siyanga. Kinaumagahan. . . Sinabi sa babae

nang eksakto kung ilang oras ang dadaan, nang eksaktong-eksakto hanggang sa pinaka tuldok, kung kailan siya uuwi na magaling na. Pinagtawanan nila ito, na may pangungutya. At noong mismong oras na 'yun na sinabi ng Espiritu Santo, haya't umuwi ang babae na magaling na, at siya'y magaling hanggang sa araw na ito. Isa siyang Katoliko. Katoliko sila. Katoliko sila *noon*.

136 Kapag nakatanggap ka ng Liwanag . . . Sa Lumang Tipan . . . Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang tanda ngayon. Makining po kayong mabuti, pagkatapos didiretso na ako sa paksa ko. Tingnan n'yo, sa Lumang Tipan, kapag ang isang alipin ay nasa ilalim ng pagkaalipin, at pagkatapos ay nagkaroon siya . . . Binili siya roon, sa isang halaga. Kinakailangan niyang pagsilbihan ang amo na 'yun hanggang sa taon ng jubileo. At kapag dumating na ang taon ng jubileo, may patutunugin na isang trumpeta.

137 At nasaang dako man ang alipin, siya at ang mga anak niya, at maybahay at lahat sila na nag-aasam na makabalik sa kanilang sariling bayan, sa kanilang paggigiik sa kabukiran, at paghampas sa kanila ng tagapagmando, at sa gawing *ito* at sa gawing *'yun*, at kapag dumaan na ang saserdote ng jubileo, na hinihipan ang trumpeta, at hinipan ng saserdoteng 'yun ang trumpeta, at ang lalaking 'yun, ay marinig niya ang trumpeta, maaari na niyang bitiwan ang kanyang asarol, maaari na niyang bitiwan ang kahit ano na ginagawa niya, titingin sa mukha ng tagapagmando, at sasabihin, "Hindi mo na ako maaaring hampasin nang isa pang beses, malaya na ako," agad nga siyang aalis at uuwi sa kanyang lugar. Bakit? Naroon ang pagpapatunog ng jubileo, kapag narinig nila ang tunog.

138 At 'yun ang Ebanghelyo, ang jubileo, na malaya na kayo mula sa kasalanan. Malaya na kayo mula sa maruruming asal na ito at mga bagay-bagay na ginawa rito ng sanlibutan sa pangalan ng relihiyon, sa ilalim ng parehong Protestante at Katolisismo, sa ilalim ng tanda ng hayop. Siyanga. Malaya na kayo.

139 Hindi n'yo na kailangang maging alipin. Pero ganoon pa man kung tatanggi ang lalaking 'yun na tanggapin 'yun, haya't mula sa dakong 'yun ay dadalhin ang lalaki sa haligi ng dambana ng simbahan, at lalagyan siya ng marka, bubutasan siya sa tainga. At alipin na siya ng amo na 'yun hangga't siya'y nabubuhay.

140 At kung tatanggihan n'yong tanggapin ang Liwanag ng Ebanghelyo gayong ipinangaral na ito sa Kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Biblia, haya't maaaring matatakan mo ang sarili mo tungo sa iyong Panghabang-panahon na destinasyon. Amen.

141 Ngayon tingnan n'yo, isa pang bagay, kung maipagpapaumanhin n'yo ako sa pagsasabi ng komento na

’yun kanina, tungkol sa—tungkol sa lalaki. Pero, tingnan n’yo, “Dadayain ang mismong Hirang . . . ”

142 Ngayon pinapatamaan natin ang Lutheran, Baptist, at iba pa, at ang mga Katoliko, ngayon hayaan n’yong dumako naman ako sa inyo na mga holiness. Kita n’yo? Naniniwala ako sa kabanalan. Dapat kayong maging banal. “Kung walang pagpapakabanal ay walang makakakita sa Diyos.” Hindi kabanalan ko; kundi kabanalan Niya. At wala akong magagawa na anuman ukol dito; ito’y kung anong ginawa Niya para sa akin. Hindi tatayo sa ganang sarili ko, dahil wala ako, ni hindi ko susubukan na magkaroon ng anuman. Hindi ko pinagpipilitan na—na maging ganoon.

“Pinipilit mo bang kumapit, Kapatid na Branham?” Hindi, po.

143 Ipinapaubaya ko mismo, at hinahayaang Siya ang humawak. Siyanga. Siya ng humahawak. Manatili lang na patay, ganoon lang ang kailangan mong gawin. Panatilihin mo lang na patay ang sarili mo, Siya ang hahawak. Siya’y nakahawak na. Humawak Siya roon hanggang sa sabihin Niya, “Tapos na.” Ginanap na mismo. Hinahayaan tayo ng Diyos na gawin ang siya ring bagay. Tapos na.

144 Pero, mga holiness, kayong mga Nazarene at Pilgrim Holiness ngayon, tandaan n’yo. Sa ilalim ng kapangyarihan at paglabas n’yo sa iglesyang Wesley, o sa iglesyang Methodist, noong nag-organisa sila, kayo na mga minamahal na holiness ay nagsilabas, sinabi, “Ipagpapatuloy namin ang pagpapakabanal.” Kahanga-hanga ’yun. Pinanatili n’yo ang kapanahunang ’yun, ang Kapanahunan ng Filadelfia na ’yun, hanggang sa dumating sa Laodicea. Pero noong dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, at bumalik ang mga tanda sa iglesya, tinawag n’yo itong “ang diyablo.” Dahil nagsipagsalita sila ng iba’t ibang wika at naniwala sa mga bagay na ito, ay sinabi n’yo, “Sa diyablo ito.” At sa ginawa n’yong ’yan, pinusong n’yo ang Espiritu Santo.

145 Papaano ko sasabihin sa kamay ko, “Hindi kita kailangan”? Kung may mga tagapagturo, may pagsasalita ng iba’t ibang wika. Kung may mga ebanghelista, may mga kaloob din ng pagpapagaling. Papaanong sasabihin ng paa sa mata, “Hindi kita kailangan”? Kita n’yo? Kayo, kung kayo’y ipinanganak na anak ng Diyos, lumalakad kayo at tinatanggap ang lahat ng sinasabi ng Diyos na tama. Lalakad kayo mismo sa Liwanag.

146 Noong panahon na para kumilos ng Iglesya, kumilos si Luther. Noong panahon na para pakilusin ng Iglesya ang kamay Nito, pinakilos ni Wesley ang kamay. Noong dumating ang panahon para sa Iglesya na magsalita, dumating ang Pentecostal sa eksena. Siyanga. Pero, ngayon, pansinin.

147 Sasabihin n'yo, "At ang tipo?" Sasabihin n'yo, "Mayroon bang tipo?" Mayroon, po.

148 Napagtanto n'yo ba na si Judas Iscariote, ang tunay na anticristo, ay isang napakarelihiyosong tao? Napagtanto n'yo ba 'yun? Napakalaki ng tiwala nila sa kanya, ng mga kapatid, hanggang sa siya ang naging ingat-yaman ng iglesya.

149 At inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya si Judas Iscariote, naniniwala sa Panginoong Jesus Cristo.

150 Pinaging banal siya sa pamamagitan ng Salita. Mga Hebreo, 17:17. . .Ibig kong sabihin, San Juan 17:17 "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa Katotohanan; ang Salita Mo'y Katotohanan." At Siya ang Salita.

151 At binigyan sila ng kapangyarihan na humayo at ipangaral ang Ebanghelyo, at para magpalayas ng mga demonyo, at para magpagaling ng maysakit. Si Judas Iscariote, sa Mateo 10, ay binanggit kasama nila. At nagsihayo sila at nagpalayas ng mga demonyo, at ipinangaral ang Ebanghelyo sa napakamakapangyarihang paraan na ang mga makasalanan ay nagsipagsisi at nagsilayas ang mga demonyo. At bumalik sila na nagagalak at sumisigaw, at nagtatamasa ng maluwalhating panahon, na parang isang munting, camp meeting ng holiness. At kasama mismo nila si Judas. Ganoon nga, kasa-kasama mismo nila.

152 Pero noong dumating na ang panahon para sa Pentecostes, ipinakita na ni Judas ang kanyang kulay.

153 Doon ipinakita ng iglesyang holiness ang kulay nito, doon mismo, at tumalikod at tinanggihan ang mismong Espiritu Santo na nangunguna sa kanila patungo sa mas malalim na tubig, tumalikod at tinanggihan Ito.

154 Alam ko na marami silang pana-. . .Hindi ako Pentecostal. Hindi ako kailanman napabilang sa organisasyong Pentecostal, hindi kailanman. Nakatayo lang ako sa pagitan. Hindi ako Pentecostal, Methodist, Baptist. Isa lamang akong maka-Bibliang Cristiano. Ganoon lang. Pinaniniwalaan ko ang sinasabi ng Salita ng Diyos. At hindi ko maaaring itanggi ang kaloob ng pagsasalita ng iba't ibang wika; kung itatanggi ko, itatanggi ko ang pagtuturo at bawat iba pang kinasihang kaloob. Siyanga. Hindi kailanman ako sumang-ayon sa mga kapatid na Pentecostal tungkol sa "ang tanging katibayan," ay pagsasalita ng iba't ibang wika. Hindi ako sang-ayon. Ngayon, ayos lang 'yun, kung ganoon ang paniniwala nila. Nasa kanila na 'yun, kita n'yo, pero ayos lang 'yun. Ako . . . sinabi ni Pablo, "Ibig ko sanang kayong lahat ay magsalita ng mga wika." Gusto kong makita ang bawat isa na maging ganoong kalapit sa Diyos.

155 Marami silang gawa-gawa, maraming huwad na paniniwala. Lumalabas sila roon, madalas, at umaakto na parang nasa kanila raw ang Espiritu Santo, at nagsasalita ng kung anu-ano na di

naman pagsasalita ng iba't ibang wika. Patunay ang buhay nila kung ano mismo. Pero mayroon ngang isang totoo't tunay na pangkat na nagpapatuloy pa rin, sa tuwina.

156 Buweno, bakit hindi maghahagis ang diyablo ng dati nang, pamain sa uwak? Totoo, talagang gagawin niya, para maglagay ng hadlang. Naghagis siya ng parehong bagay sa holiness. Naghagis siya ng parehong bagay sa Methodist. Naghagis siya ng parehong bagay sa panahon ni Luther. At naghahagis siya ng parehong bagay ngayon. At sa ilalim ng kapangyarihan ng mga kaloob, ng Makalangit na pagpapagaling at mga pagkilala, naghahagis siya ng ganoon ding mga bagay.

157 Pero anong ibig sabihin ng panakot ng uwak sa inyo, kung kayo nama'y nakakapagsalita ng salita ng ibon? Sasabihin ng mga ibon, "Kapag nakakakita ako ng panakot ng uwak, 'yun nga'y pagkain. Ang pinaka masasarap na mansanas na mayroon, ay nasa paligid mismo kung saan nakakalat ang mga pambato at nakabitin ang mga panakot." Tama.

158 Pero nakita n'yo kung paano kumilos ang espiritung 'yun sa ngayon. At tumingin si Jesus at pauna nang nakita 'yun sa pamamagitan ng iglesyang Katoliko, na lilitaw pa lang noon. Sabi, "Huwag ninyong tawagin ang sinumang tao na ama. Huwag kayong gumamit ng walang kabuluhang paulit-ulit, lahat ng mga bagay na ito." Pumunta roon at sinabi, "Ngayon mag-ingat kayo, magiging napakalapit na ng anticristo hanggang sa dadayain nito ang mismong Hirang kung maaari."

159 Tingnan mo, kapatid, ilang birhen ang pumunta para sumalubong sa Panginoon? Sampu. Lahat sila'y birhen. Ano ang ibig sabihin ng *pagpapaging banal*? "Dalisay, banal, birhen." Sampu sila na mga birhen. Lima ang walang Langis sa kanilang ilawan. Lima ang may Langis sa kanilang ilawan. Ang limang *ito* ay kasing banal at birhen ng mga *ito*. Pero ano ang nirerepresenta ng *Langis*, sa Biblia, gaya ng natalakay natin kagabi, o nung gabi bago kagabi? Ang Espiritu, "ang Espiritu Santo." Nilinis nila ang kanilang sarili at naupo roon, pero natakot sila't tumayo nang malayo sa Bukal na nagbubuhos ng Langis. Kita n'yo, inorganisa ang kanilang mga sarili at pumirmi, at hayun na sila, sala-sa-init sala-sa-lamig. Doon nasadlak ang kapanahunan ng iglesya.

160 Ngayon, ngayon papunta na tayo sa tanda ng Diyos. May tatlumpung minuto pa ako, loobin ng Panginoon. Ngayon nais kong samahan n'yo ako sa pagbuklat, muna, at alamin kung gaanong kahalaga, ang tanda na ito ng Diyos.

161 Alalahanin n'yo kung ano ang tanda ng hayop; hindi komunismo. Nagmumula ang tanda ng hayop sa Roma, sa buong mundo; Katolisismo, kasama ng Protestantismo na nakianib, inorganisang relihiyon. At pagkakaisahin nila ang mga iglesya hanggang sa ang bawat iglesya'y kinakailangang yumuko sa

bagay na ’yun, ang ating mga interdenominasyon ay sisipain papunta sa gilid. Siyanga.

162 Ika-9 na kabanata ng Apocalipsis ngayon. Basahin natin nang maigi rito pansumandali, kung loloobin ng Diyos, at tingnan natin kung ano ang sinabi Niya sa Kanyang Salita. Ngayon. . .[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .ng—ng Apocalipsis, at sa ika-4 na talata. Pakinggan n’yo ito.

> *At sinabi sa kanila* (noong makita nila na ibinubuhos ang mga salot) *na huwag ipahamak ang damo* o ang mga punongkahoy. . .*ni ang anomang bagay na sariwa, ni ang anomang punong kahoy; kundi*. . .*ang mga tao na walang tatak ng Dios sa kanilang* noo.

163 Sa pagdating ng mga salot, ang tanging bagay na may proteksyon ay ’yung mga tinatakan sa Kaharian ng Diyos. Ito’y hatol ng pagsisiyasat, kapag ang mga tao. . .At kung tulungan ako ng Diyos, sa loob ng ilang minuto patutunayan natin ito sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon, na ito ang panahon ng pagtatatak ng lugar. At ’yung mga tatanggi Rito, wala nang natitira sa kanila kundi Panghabang-panahon na kaparusahan.

164 Ngayon dumako tayo sa Lumang Tipan. At dumako tayo rito, kung nais n’yo, sa Aklat ng Ezekiel, kung nais n’yo, at bumasa tayo pansumandali sa Ezekiel 9. Ngayon, sa pamamagitan ng tulong ng Diyos ngayon, tulungan nawa Niya tayo. At pumirmi ngayon para sa pagtuturo, sa loob lang ng susunod na tatlumpung minuto, kung loloobin ng Diyos. Ngayon tumutukoy ito, kayo na minamarkahan ito, Ezekiel 9, ito po’y tumutukoy. . .

165 Ang unang bagay na dapat nating sagutin ngayon, ano ang Tatak ng Diyos? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hindi ba’t sa palagay n’yo ay mahalagang-mahalaga ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”] Ang Biblia ba’y sapat na Salita para sa inyo? [“Amen.”] Ngayon alam kong mayroon kayo nun, ’yung mga nagsasabi ng, “Pangingilin sa araw ng sabbath,” pero wala ni katiting man na Kasulatan para suportahan ’yun, sa Bagong Tipan. Sige’t alamin natin kung ano ang Tatak ng Diyos, una sa lahat. Bumuklat tayo sa Mga Taga-Efeso 4:30, 4:30, at 1:13. Markahan n’yo ito. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30:

> . . .*huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan* hanggang sa *kaarawan ng* inyong *pagkatubos*.

166 Ngayon, ano ang ibig sabihin ng *pagtatatak*? Ang *pagtatatak* ay isang “tanda ng pagiging kumpleto.” Tama ba?

167 Buweno, nakakita na ba kayo ng isang kawani ng riles ng tren na kinakargahan ang mga bagon? Lumalabas siya’t magsasalansan siya ng ganitong karami sa dako *rito*, at ganitong karami sa dako *rito*. Darating ang inspektor, titingnan niya ang karga; at kung medyo maluwag *ito*, aalog-alog nga ’yun, “Hindi. Hindi ko ito seselyuhan. Kinakailangan itong idiskarga’t

ulitin." Kasunod nun, susubukan niya itong kargahan muli; tapos magkakamali siya. Darating ang inspektor, "Mali. Ulitin mo."

168 At ganoon ang ginagawa ng Diyos sa Kanyang iglesya sa mahabang panahon. Magkakarga kayo, at ang tungo n'yo ay pa-Langit; dala-dala n'yo ang lahat ng bagay. Yang mga larong baraha n'yo, huh, lahat ng iba pang bagay na maaari n'yong ikarga sa simbahan, na tinitingnan n'yo kung madadala n'yo. Kokondenahin 'yun ng Diyos; hindi pa nakahanda para sa pagseselyo.

169 Pero kapag nakita ng Diyos ang isang tao, na nagsisisi, bagbag ang espiritu, tapat ang puso, na nakaluhod dun sa altar, haya't isasara ng Diyos ang pintuan ng sanlibutan sa kanya, at seselyuhan siya roon sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, at 'yun ay tatagal hanggang sa pagdating ni Jesus; hindi mula sa isang rebaybal hanggang sa isa lang, kundi, "hanggang sa araw ng inyong pagkatubos."

170 Kapag ang bagon na 'yun, ang pintuan, ay isinara na, at nakaselyo na rito ang tatak ng pamahalaan, hindi na ito maaaring buksan pa hanggang sa makarating ito sa pinaka destinasyon nito.

171 At bawat tao na naipanganak muli at natatakan na papasok sa Kaharian ng Diyos, ay wala nang pagnanasa sa sanlibutan hanggang sa araw na kunin siya papasok sa Kaharian ni Jesus Cristo. Kaya kung may problema pa rin sa'yo, at sinasabing nasa iyo ang Espiritu Santo; porke't kabilang ka sa iglesyang Methodist, iglesyang Baptist, iglesyang Pentecostal; porke't nakakasigaw ka, nakakapagsalita ng iba't ibang wika; nabautismuhan nang paharap, palikod, winisikan; haya't kung ganoon pa ring uri ng problema ang mayroon ka, mabuti pa na bumalik ka't suriin ang mga karga. Tama. Sobra-sobra ang dala mo; maaaring maluwag ang pagkakakarga, umaalog. Hindi ito tatatakan ng Diyos kapag ganoon ang kalagayan.

172 Kapag ang isang butil ng trigo'y nahulog sa lupa, kahit pa . . . Kapag namatay ang butil ng trigong 'yun sa sarili nito, hindi ito maaaring mamunga ng matinik na damo, para iligtas ang kaluluwa nito. Mamumunga't mamumunga ang isang butil ng trigo ng butil ng trigo, nang sintiyak ng anumang bagay. At kung inihasik sa atin ang di-nasisirang Binhi ng Diyos, papaano Ito mamumunga ng anuman maliban sa buhay ng Buhay ni Cristo?

173 Pinangungunahan ng Espiritu Santo ang Iglesya, pinangungunahan Ito sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, at kayo'y natatakan hanggang sa araw ng pagkatubos. Yun ang Biblia. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Mga Taga-Efeso 4:30.

174 Ngayon, bago dumating ang Espiritu Santo, natatakan na siya bago pa man magsimula ang panahon ng Gentil. Natatakan na siya sa ilalim nung mga kandelerong ginto, mayroon tayong tsart, para makita ito, doon sa ilalim ng panahong 'yun.

175 Patuloy Siya sa pakikipag-ugnay sa kanila mula kay Abraham, Isaac, Jacob, David, at sa lahat hanggang sa panahon ng kadiliman na nagkaroon sila noong panahon ni Ahab, patungo, kina Solomon, at iba pa, hanggang sa makarating ito sa ganoong kalagayan na sala-sa-init sala-sa-lamig. Pero bago Niya mismo isinara ang dispensasyong 'yun doon, nagbigay Siya ng isang dakilang bisa ng Espiritu Santo sa mga Judio lamang, "Huwag kayong pumunta sa daan ng mga Gentil, kundi puntahan ninyo ang mga nawawalang tupa ng Israel." Tama ba? "Siya'y naparito sa sariling Kanya, at hindi Siya tinanggap ng mga sariling Kanya."

176 "Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, ay pinagkalooban Niya ng Kapangyarihan na maging mga anak ng Diyos." Sinabi Niya, "Sila'y binibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan." Ang *Buhay* na Walang Hanggan ay nagmumula sa salitang Griyego na "Zoe." Ang Zoe ay ang Buhay na 'yun. Ang Zoe ay ang Buhay ng Diyos. At kung ang Buhay ng Diyos ay nabubuhay sa inyo, mamumunga't mamumunga ito ng banal na buhay nang sintiyak ng pagkakatayo ko rito sa entablado. At ang tao na nagtataglay Nito, ay hindi na maaaring mamatay pa kung papaanong ang Diyos ay hindi maaaring mamatay, dahil ang Diyos ay naroon na sa taong 'yun. Amen. "Ang dumirinig sa Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na mapapasok sa kahatulan; kundi may Buhay na walang hanggan." "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo, siya'y ibabangon Ko sa huling araw." Yun ang Kanyang Salita. Napakagandang kaaliwan para sa mananampalataya! At napakatinding kahatulan para sa mga tumatanggi na lumakad sa Liwanag!

177 Umiinit na, hindi ba? Sige, Ito po'y mabuti para sa inyo. Pansinin, tingnan n'yo kung totoo po ito. Kapatid, maaari nating isa-isahin ito, nang Kasulatan sa Kasulatan, linggo-linggo, linggo-linggo, at manatili rito, diretso. . .parehong paksa, sa loob ng isang taon, haya't di pa rin ito mahuhugot sa Biblia, ang kabuoan nito, at kahit maglumagi sa ganoon pa ring paksa.

178 Ngayon bilang maikling panimula lang dito, babalik tayo at alamin kung ano ang dulot sa inyo ng pagtanggi sa bautismo ng Espiritu Santo, kung ano ang kahalagahan nun sa kanila noong araw.

179 Ngayon, sa ika-9 na kabanata ng Ezekiel, nakita ng propeta ang Jerusalem. Ngayon alalahanin n'yo, pinag-uusapan natin

ang agwat na 'yun doon, ang mga Judio, bago ang pagtatapos nila.

180 Ngayon nasa mga Gentil na tayo, sa kanilang pagtatapos. Tapos dadako na tayo sa Milenyum. Sige.

181 Pero ngayon masdan n'yo lang, papatapos na kayo ngayon sa mga Judio. Pauna nang nakita ito ng propeta bago pa. Daang taon bago pa, mga walong-daang taon, bago ang pagdating ng Panginoon, at iprinopesiya ito ng propeta. Ngayon pakinggan n'yong maigi habang binabasa natin.

> *Nang magkagayo'y sumigaw siya sa aking pakinig ng malakas na tinig, na nagsasabi, Magsilapit yaong mga may katungkulan sa bayan,* at *bawa't isa'y may* pamaslang na armas, o *pangpatay na almas sa kaniyang kamay.*

182 Ngayon masdan n'yong mabuti ngayon habang binabasa natin.

> *At narito, anim na lalake ay nagsipanggaling sa . . . mataas na pintuang-daan, na nalalagay* sa dako *ng hilagaan, na bawa't isa'y may kaniyang* pamaslang *na almas sa kaniyang kamay; at* ang *lalake ay nasa gitna nila,* na nakadamit ng puti, *na nakapanamit* ng *kayong lino, na may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran: at sila'y . . . at nagsitayo* sa harap, *sa siping ng tansong dambana.*
>
> *At ang kaluwalhatian ng* Panginoong *Dios ng Israel ay umilanglang mula sa* kerubin, *na kinapapatungan, hanggang sa pintuan ng bahay. At kaniyang tinawag ang lalaking nakapanamit* ng *kayong lino, na may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran;* (Makinig.)
>
> *At sinabi ng* P*ANGINOON* *sa kaniya, Pumaroon ka sa gitna ng bayan, sa gitna ng Jerusalem,* (ang destinasyon ay Jerusalem), *at maglagay ka ng mga tanda sa* noo *ng mga taong nangagbubuntong-hininga at . . . nagsidaing dahil sa . . . kasuklamsuklam . . . na nagawa sa gitna niyaon.*
>
> *At* pagkatapos *sa mga iba ay sinabi niya sa aking* tainga, *Magsiparoon . . . sa bayan na magsisunod sa* kanila, *at manakit kayo:* at *huwag magpatawad ang inyong mata, o kayo man ay . . . mahabag:*
>
> *Lipulin ninyong lubos ang matanda, ang binata at ang dalaga, . . . ang mga bata at ang mga babae: nguni't huwag* lumapit sa kaninuman na . . . *tinandaan; at* kanyang *pasimulan sa* may *santuario.* At . . . simula *sa mga matandang lalake* na *nangasa harap ng bahay.*

183 Ngayon masdan n'yo ang propeta na nasa Espiritu, na dinala sa Kaluwalhatian. Sinabi ng Diyos, "Ipapakita Ko sa iyo kung

paano Ko ito ipagtutuos sa mga Judio, bago dumako sa mga Gentil." Basahin n'yo ang talata, o ang kabanata bago ito. Ngayon, pagpasok niya roon, ang sabi niya, "Nakita ko. . . " Una, nakita niya ang kasalanan sa bayan, sa kalagayan na di pa niya nakikita kailanman, at nakita niya ang Jerusalem. Ngayon, alalahanin n'yo, para lamang 'yun sa mga Judio, hindi sa mga Gentil; sa Judio, at sa kabisera nila, ang Jerusalem. Katulad nung tinalakay natin kagabi, iniukol natin 'yun sa mga Protestante; ngayon, sa gabing ito, sa mga Judio naman. Ang sabi Niya, "Pumunta ka sa bayan." Narito't dumarating ang mga kalalakihan na may pamaslang na armas sa kanilang kamay, sumusulong para paslangin ang lahat sa bayan. Ang sabi Niya, "Ngayon huminto ka, pansumandali."

184 At lumabas mula roon ang isang Lalaking nakadamit ng puti. Huminto muna tayo pansumandali. "Nakadamit ng puti," katuwiran, kabanalan. "Nakadamit ng puti," Na may tintero sa Kanyang tagiliran. Sabi Niya, "Pumunta ka muna sa bayan, bago sila dumating, at maglagay ng tatak sa noo, isang tatak sa noo ng bawat lalaki, babae, kabataang lalaki, at kabataang babae, sa bayan, na nagbubuntong-hininga at dumadaing para sa kasuklam-suklam na nagawa sa bayan, para sa mga kasalanan ng mga tao." Maglagay ka ng isang tanda sa kanila!

185 At pagkatapos, pagkatapos Niyang dumaan at magtatak, bumalik Siya at nagsabi, "Nagawa na."

186 Pagkatapos ay ipinadala Niya ang mga kalalakihan, sinabi, "Sumulong kayo, at huwag kayong magtira ng anuman, kundi lipulin ninyo nang lubos ang lahat na wala nung tatak na 'yun."

187 Tumingin kayo rito, kapatid. Ang Pantatak na 'yun ay walang iba kundi ang Espiritu Santo.

188 At pansinin n'yo, kung pupunta Siya sa Jeffersonville, ngayong gabi, sa Branham Tabernacle, o sa alimang iba pang tabernakulo sa bayan, o alinmang iba pang iglesya, kanino kaya Siya maglalagay ng tatak, na mga tunay na sinsero at tapat sa harap ng Diyos na sila'y nananangis at umiiyak, at nananalangin araw at gabi, para sa kasalanan ng bayan?

189 Ano kayang gagawin Nito sa mga mangangaral na pinapayagan ang kanilang kababaihan na lumabas dito na mga naka-bathing suit, at hapit na hapit ang mga shorts, at lalakad nang paroo't parito sa lansangan; at umaawit sa koro, at mga naka-meykap at ang kilos ay parang mga Jezebel. At kapag. . .Lumalabas ang mga kalalakihan, na naninigarilyo at umiinom, at kung anu-ano ang pinaggagagawa, at nagsusugal, at lahat na ng kung anu-ano! At kumikilos sila na para bang wala silang pakialam; pupunta sa salusalo na manok ang handa, o sa isang kasiyahan sa kung saan. Nagpapaiwan sa bahay nang Miyerkules ng gabi at manood ng telebisyon, sa halip na

dumalo sa pagtitipon para sa panalangin. Sa tag-init, isasara ang simbahan, ang mga gawain. Ano ang tatatakan Niya?

190 Ang kailangan natin, ngayong gabi, ay pananawata sa naglipanang Hollywood na ebanghelismo! At isang makaluma't, ipinadala ng Diyos na rebaybal, mga kalalakihan at kababaihan na luluhod sa altar! At itigil na itong pakikipagkamay na ito, at pagtataas ng mga kamay, at pagwiwisik sa kanila, at pagbabautismo nang paharap, patalikod, at lahat nitong maliliit na anyo't mga ismo. At dumako sa isang tunay, na nagsisising, bagbag na espiritu, kung saan naroon ang kasalanan. Pagsama-samahin 'yun, at magsimula ng isang makalumang pag-iyak, ng isang bagong silang na bata. Amen. Yun ang uri ng nakatatamo ng Espiritu Santo. Siyanga.

191 Sila man ay Methodist, Baptist, o mga Katoliko, o ano pa man sila! Kapag dadako sila sa harap ng altar na 'yan at iiyak, araw at gabi, "Oh Panginoong Diyos, tingnan Mo ang mga kasalanan ng bayan! Hindi mapakali ang puso ko! Hindi ako mapakali, Panginoon, na makitang nangyayari ang mga bagay na ito. Oh Diyos, gumawa Ka po ng isang bagay! Magpadala Ka sa amin ng isang makalumang rebaybal," nasa mismong pinto ka na n'yan ng pagtamo ng Espiritu Santo, kapatid! . . .? . . .

192 Pero kung lalapit ka roon dahil sa nakakatalon ka, o dahil sa nakakapagsayaw ka sa tugtog, o dahil may bagay kang iba na nagagawa; at nakakapaglakad-lakad at sumasabog, at walang pakialam, at sumisimangot, at nakikipagtalo, at nakikianib sa iglesya, at patalon-talon sa iba't ibang lugar; ipinapakita lang n'yan na walang-wala ka sa simula pa lang.

193 Kapatid, 'yan, 'yan nga'y mabisa't matapang na gamot, pero siguradong paiigihin ka nito. Siyanga. Siyanga, po. Ilalabas kayo nito, na walang isa man sa kalagitnaan n'yo na nanghihina.

194 Tulad ni Moises. Gusto kong tingnan ang kahon niya ng medisina, hindi ba't kayo rin? Dalawang milyong katao ang mayroon siya roon. Gusto n'yo bang makita ang kahon ng medisina ni Moises, kung anong mayroon siya? Lahat silang matatandang lalaki, at daan-daang maliliit na sanggol na isinisilang gabi-gabi, at mga baldado, at mga maysakit. At sa paglabas niya, sa loob ng apatnapung taon, walang ni isa—ni isa ang mahina sa gitna nila. Hindi ba't gugustuhin n'yong mga doktor, na nakaupo rito ngayong gabi, na makita ang kanyang kahon ng medisina?

195 Tingnan natin ang nasa loob at tingnan kung ano ito. Ngayon magbalik-tanaw tayo. Aalamin natin. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Yun 'yun. Amen. Yun nga ito. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Halimbawa may isisilang na sanggol. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Kapag may pulmonya. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Yun lang ang tanging reseta na maibibigay niya. Yun

lang ang kailangan niya. Yun lang ang mayroon siya. Yun ang bagay na ibinigay ng Diyos para sa kanya.

Mangyari nga, sa panahong ito, "Oh, hindi kami naniniwala Riyan. Hindi, 'yang . . . "

196 Hindi kailanman nagbabago ang Diyos. Siya'y siya pa rin. Kung ang espiritung ito, itong gawi ng mga tao sa panahon ngayon, sa ilalim ng pangalan ng Cristianismo, ay masusuka ang Diyos sa Kanyang tiyan sa panahon na 'yun noon, na isang "kasuklam-suklam" para gawin 'yun ng mga tao noon, haya't isa pa rin itong kasuklam-suklam mapasa hanggang ngayon. "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Oh, pakiramdam ko'y napupuspos ako nang lubos.

197 Pansinin n'yo, "Pumunta ka," sabi Niya, "Pumasok ka sa bayan at maglagay Ka ng isang tanda sa kanila na nagbubuntong-hininga at umiiyak dahil sa kasuklam-suklam na nagawa sa bayan." At pagkatapos sinabi Niya, "Pagkatapos Mong gawin 'yun," ipinadala Niya ang mga kalalakihang ito na may pamaslang na armas, at sumulong sila't pinaslang ang lahat.

198 Ngayon, mananalaysay ng kasaysayan, sandali lang. Dumating si Jesus sa laman; ang Diyos, na nahayag sa laman. "Ang Diyos kay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin." At noong dumating Siya sa laman, lumibot Siya na nagtuturo. Binansagan nila Siyang, "Beelzebub; manghuhula." Nilibak nila Siya, tungkol sa Kanyang kapanganakan, lahat na ng kung anu-ano; tinanggihan Siya, itinaboy Siya.

199 Sinabi Niya, "Ang sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao, ay ipapatawad sa kanya, ngunit kung sinuman ang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi na kailanman ipapatawad sa kanya, sa mundong ito o sa mundong darating."

200 Tinipon Niya ang ilang mga Judio. Hindi Siya pumunta sa mga Gentil. Pumunta Siya sa mga Judio. Ipinadala Siya sa mga Judio; hindi pa noon dispensasyon ng mga Gentil. Nakasindi pa ang huling kandila sa kapanahunan ng Judio, at nagpunta Siya roon. At may ilang tao na tumanggap sa Kanya, na mga tinawag-palabas.

201 Katulad na katulad sa panahon ngayon. Kung papaano nga mismo na nagsalita ang Espiritu Santo mula kay Jesus Cristo, tinawag ito noon; ganoon din na nagsasalita ang Espiritu Santo mula kay Jesus Cristo, na tumatawag, sa panahon ngayon.

202 Pinaniwalaan nila ang sobrenatural. Nakaantabay sila sa kanilang Tagapanguna. Nakaantabay sila sa Kanya. Alam nilang Siya'y Hari ng mga propeta. Alam nila kung ano man Siya. Ang bagay na sinabi Niya, pinagtitibay ito ng Diyos at sinasabing ito ang Katotohanan. Alam nila na nasa Kanya ang Katotohanan. Alam nila kung Sino ang pinaniniwalaan nila, at nagpatuloy sila kasama si Jesus.

203 Pagkatapos ipinako nila Siya sa krus. Sinabi Niya, "Ama, patawarin Mo sila, hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

204 Pero noong sa wakas ay dumating ang Araw ng Pentecostes, may isang grupo ng kakaunti't, nagsisipagtangis na mga tao, na umiiyak at nagpapatuloy. "At noong ganap nang dumating ang Araw ng Pentecostes . . . "

205 Bigla na lang may dumating na pari sa daan, na may kahon ng kosher, kahon ng komunyon, na ang sabi, "Ilabas mo ang dila mo ngayon, at iinumin ko ang alak"? Anong kalokohan! Dumating sa daan ang Protestanteng mangangaral, at ang sabi, "Tatanggapin namin ang kanang kamay ng pakikisama, at tatanggapin ang anim na buwan na prohibisyon"? Huh! Kalokohan! "Wiwisikan ko kayo. Babautismuhan ko kayo. Dadalhin ko kayo sa gawi *rito*, dadalhin ko kayo sa simbahan, ibibigay sa inyo ang kanang kamay ng pakikisama"? Kalokohan!

206 "Ngunit noong dumating nang ganap ang Araw ng Pentecostes, biglang dumating mula sa Langit ang gaya sa humahagibis na hanging malakas, at pinuno Nito ang buong bahay kung saan sila nakaupo. Dumako sa ibabaw nila ang nakabahaging mga dila, na kawangis ng apoy." Nagsimula silang magsalita ng sari-sari, at mautal-utal, at maglaway, at maglura, at kung ano pa.

207 Sasabihin n'yo, "Hindi!" Patutunayan ko ito sa inyo sa pamamagitan ng Biblia. Siyanga, po. "Ang ibig mo bang sabihin ay ganoon ang ginawa nila?" Yun mismo ang sinabi ng Biblia.

208 Alam n'yo ba na nagpropesiya si Isaias? Hayaan n'yong basahin ko sa inyo ang munting bagay rito sa Isaias, pansumandali. Isaias, sa ika-28 kabanata, haya't simulan sa ika-8 talata.

> *Sapagka't lahat* ng *mga dulang ay puno ng suka* (Na pumapatungkol sa araw na ito.) *at ng karumihan, na anopa't walang* dakong malinis. (Kapatid, kung hindi ba't 'yan ang kalagayan ng Judio!)
>
> *Kanino siya magtuturo ng kaalaman? at kanino niya ipatatalastas ang balita?* (Pinag-uusapan natin ang tungkol sa Doktrina, ngayong gabi.) . . . silang *nangalayo sa gatas, at* sila na *nangahiwalay sa suso*.
>
> *Sapagka't utos at utos, utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin;* . . . (Sa ganyang paraan dumarating ang Ebanghelyo, mula Genesis hanggang Apocalipsis.)
>
> *Kundi sa pamamagitan ng nauutal na mga labi at* may ibang *wika ay* aking *sasalitain sa bayang ito*.
>
> . . . at *ito ang kaginhawahan,* ang kapayapaan na sinasabi kong darating. At sa kabila ng lahat ng ito

ay hindi nila pakikinggan, bagkus lalakad palayo, na iniiling-iling ang kanilang ulo.

209 Hayan nga. Yun mismo ang sinabi Niya. Hindi ko 'yan salita; Salita Niya 'yan. Baguhin n'yo Ito, kung kaya n'yo. Hinding-hindi ito mababago. Kanyang sinabi, "Utos sa utos; bilin sa bilin; kaunti rito at kaunti roon." Ang buong Ebanghelyo ay kinakailangan na mailabas.

210 Ang buong Ebanghelyo'y kinakailangan na magsimula rito, at kanilang ipinangaral Ito. At noong gawin nila, dumating ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo.

211 At ang mga Judio na nilibak noon si Jesus, anupa't nagtawa sila, sabi, "Ha-ha-ha! Ang mga taong ito'y puno ng bagong alak." Sinelyuhan nila ang kanilang Panghabang-panahon na patutunguhan. Ang sabi nila, "Bakit naririnig namin sa sarili naming wika, ang kamangha-manghang gawa na ipinapangusap nila? Aba, ang mga taong ito'y puno ng bagong alak. Ha-ha!" Nangutya sila't nagtawa.

212 At si Pedro, ang munting holy-roller na 'yun, na mangangaral sa ibabaw ng kahong-entablado, naglagay siya ng kahong-entablado, at sumampa roon, nagsabi, "Kayo na mga taga-Judea, at kayo na mga nakatira sa Jerusalem, ay maalaman n'yo nga ito, at pakinggan n'yo ang aking tinig. Anupa't ito—ito ang ipinangusap noon sa pamamagitan ni propetang Joel. Ang mga taong ito'y hindi puno sa bagong alak, gaya ng iniisip n'yo, dahil ikatlong oras pa lang ng araw. Pero ito Yaon." Tinuro niya ang Biblia. Lagi kong sinasabi, "Kung hindi ito Yaon, pananatilihin ko lang ito hanggan sa dumating Yaon, kung may bagay na iba." Tama. Sabi, "Ito yaong sinalita na sa pamamagitan ni propetang Joel. Mangyayari sa mga huling araw," ang huling dalawang-libong taon.

213 Unang dalawang-libo, ginunaw ang mundo sa tubig. Ikalawang dalawang-libo, dumating si Cristo. Sa huling dalawang-libong taon, "Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu." Hallelujah! Hindi 'yung "Bibigyan Ko ng edukasyon ang ilang mangangaral at magsusugo ng ilang pari."

214 "Kundi ibubuhos Ko ang Aking Espiritu mula sa Itaas; ang mga anak na lalaki't mga anak na babae ninyo ay magpropropesiya; sa Aking mga lingkod na babae at lingkod na lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at sila'y magpropropesiya. Magpapakita Ako ng mga tanda sa kalangitan, at sa lupa sa ibaba." Hayun nga 'yun. Yun ang pagpapasinaya.

215 At nagtawa ang mga Judio na 'yun at nanlibak, at nagsabi, "Puno lang sila ng bagong alak." Yun ang nagselyo ng kanilang destinasyon.

216 Noong A.D. 96, dumating si Tito, dumating mula sa bahagi, ang Jerusalem ay pinalibutan ng mga hukbo. At alam n'yo ba

kung anong nangyari? Ang sabi ng mga Judiong ’yun, “Ngayon bumalik tayo sa bahay ng Panginoon.”

217 Pero sila na nakinig sa babala at napuspos ng Espiritu Santo. . .

218 Gaya ng sinabi ni Josephus, “Sila na mga uring kanibal, na kinakain-kain ang katawan ng Jesus na ito na taga-Nazaret.” Ang sabi, “Itinago nila ang Kanyang katawan, at kanilang kinakain-kain ’yun,” (Kumakain kasi sila noon ng komunyon.) ang sabi’y “sila, sila roon, sila’y mga heretiko.”

219 Alam n’yo ba na ang mga taong ’yun noon ay binansagan na “heretiko”? Alam n’yo ba ’yun? Alam n’yo ba kung ano ang *heretiko*? Isang tao na “baliw.” Siyanga. Tingnan n’yo si San Pablo.

220 Ngayon, kayo, kayo—kayo na mga Baptist ay mahilig magsabi, “Si San Pablo, oh, pinaniniwalaan ko siya.” Kayo na mga Katoliko’y nagsasabi, “Oh, si San Pablo,” at hahalik sa dalawa o tatlo sa paa niya, sa mga rebulto roon sa Roma. “San Pablo! Siyanga, po!”

221 Tingnan n’yo kung anong sinabi ni San Pablo noong nasa harapan siya ni Agripa. Ang sabi niya, “Sa daan na tinatawag nilang heretiko,” holy-roller, “sa ganyang paraan ko sinasamba ang Diyos.” Amen.

222 Gustung-gusto ko ngang makipagkapit-kamay sa kanya; sasabihin ko, “Naniniwala ako sa siya ring bagay, Pablo! Hallelujah! Siyanga, po, sa siya ring bagay! Labingsiyam na raang taon ang nagdaan, Pablo. Naniniwala pa rin ako sa siya ring bagay!” Sa siya ring Espiritu Santo; sa siya ring mga tanda, sa siya ring mga kababalaghan, sa siya ring lahat na; na nagpapatuloy hanggang ngayon, ang siya ring Espiritu Santo, na ako’y sinelyuhan na hanggang (kailan?) sa araw ng pagtutubos.

223 “Ang Ebanghelyong ito ay ipangangaral. . .” Ang ano? “Ebanghelyo!” Ano ang Ebanghelyo? Hindi “ang Salita lang.” Sabi ni Pablo, “Ang Ebanghelyo’y dumating sa atin, hindi lang sa Salita, bagkus sa pamamagitan ng Kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo’y dumating ang Ebanghelyo.”

224 Ang sabi ni Pablo, “Hindi ako dumating na may dalang seminaryong edukasyon, na dumating para magbitiw ng magarbo’t mabulaklak na pananalita, para ibatay ang inyong kaligtasan sa matatayog na pananalita at kaakit-akit na mga sabi, o kung anong doxology o kredo de los apostoles, o bagay na gaya nun. Hindi ako dumating sa inyo na parang ganoon. Pero dumating ako na isang bagay ang nalalaman, ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, at ang pagpapamalas ng Espiritu Santo.” Hallelujah! Pagkalooban pa nawa tayo ng Diyos ng marami pang mga Pablo na hindi mangingimi sa pagsuntok, bagkus ilalatag Ito roon nang

walang. . .?. . .walang suot-suot na glab ng seminaryo. Amen. Tatak ng Diyos! Amen.

225 Ngayon, gaanong kahaba pang oras ang mayroon tayo? Marami pa, hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sabi ko nga. Ayos 'yan. Bukas ay Sabado, wala sa inyo ang magtratrabaho. Buweno. Buweno. Alalahanin n'yo, kaunting—kaunting minuto na lang po.

226 Manalangin! Pansinin, kapatid, oras ito ng pagiging tapat sa puso. Oras ito na kailangan nating mag-imbentaryo. Hindi ako nakatayo rito para umakto na parang payaso. Kung ganoon ang ginagawa ko, kinakailangan kong magtungo sa altar at magsisi. Marahil ang kilos ko ay parang payaso sa tingin ng iba sa inyo, pero hindi 'yun ang intensyon ko. May pagkahangal ako kung kumilos, paminsan-minsan; hindi ko mapigilan. May bagay na sumasaakin, na nagbubunsod sa akin na umakto na parang ganoon, kaya hindi ko mapigilan. Pero sa puso ko, kapatid, sinasampalatayanan ko Ito nang buong puso ko. Sa loob ng dalawampu't ilang taon ay ipinapangaral ko Ito rito sa pulpito, sa buong palibot ng mundo, at pinagtitibay Ito ng Diyos na may mga tanda't mga kababalaghan. Amen. "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Tama.

227 Ngayon ang sabi niya, "Ibinunsod sila na may mga armas na sumulong." Tumanggi kasi sila na tanggapin ang tanda. At sumulong siya, at pinalibutan ni Tito ang mga pader ng Jerusalem, at nagsitakbuhan ang mga tao sa loob ng siyudad; ginutom sila roon sa loob, hanggang sa umabot na pinakukuluan nila ang anak ng isa't isa at kinakain ito. Pati balat ng puno'y kinain nila, maging damo na tinatapakan. At pagkatapos dumating sa punto na kinakailangan na nilang sumuko. . .Si Tito, noong sumalakay siya sa loob ng Jerusalem, kanyang ganap na winasak ang lahat sa loob nun, pinagpapaslang ang mga kababaihan, mga bata, mga sanggol, mga saserdote, lahat na, at sinunog ang siyudad.

228 At ang sabi ni Jesus, "Darating ang panahon na walang bato ang matitira."

229 Sabi, "Tingnan mo ang dakila't malaki naming katedral. Kapatid, kami'y Baptist, o Methodist, o Pentecostal, o anuman."

Ang sabi Niya, "Wala ni isa mang bato ang nakapatong sa isa pang bato."

230 Ipinapakita lang na "ang Diyos ay di nananahan sa mga bahay na gawa ng kamay." Ang Diyos ay nananahan sa puso ng tao. "Sa isang katawan na Iyong inihanda para sa Akin." Hindi nananahan ang Espiritu Santo sa isang bahay. Nananahan Ito sa puso. Yun ang templo. "Nalalaman n'yo ba na kayo ang mga templo ng buhay na Diyos?" Amen. Magtayo ng templo, magtayo ng simbahan, ang buong pananampalataya n'yo ay nakatayo sa palibot ng inyong templo o ng inyong simbahan,

sa isang diyus-diyosang kahoy, tinatanggap ang tanda ng hayop at di 'yun namamalayan. Siyanga. Namamalagi at ginugugol ang lahat ng oras n'yong, mga mangangaral, na suportahan ang inyong organisasyon, at ang padpad nga'y diretso sa impyerno na kasama ito sa pagtungo nila.

231 Sinasabi ko sa'yo, kapatid, oras na para magising ang mga kalalakihan at ipangaral ang Ebanghelyo kalakip ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa lahat ng dako, tawagin natin ang Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, at lahat na, patungo sa krus ni Jesus Cristo.

232 Ngayon, masasabi n'yo, 'yung matandang pastol ay may dala-dalang pulot, ilalagay 'yun sa bato. Kapag madilaan 'yun ng tupa na may sakit, ito'y gagaling.

233 Kapatid, may buong bag ako nun dito, ngayong gabi. At ilalagay ko ito sa Bato, si Cristo Jesus, at maaaring dilaan ito ng tupa na maysakit at gagaling. Tama. Kapatid, pakinggan n'yo, hindi 'yun ilalagay sa alinmang iglesya. Hindi Ito sa alinmang iglesya. Ito'y kay Cristo. Ganoon nga mismo.

234 Pormal! "Oh, siyanga naman, naniniwala kami kay Cristo." Pinatutunayan ng inyong mga gawa kung ano ang pinaniniwalaan n'yo.

235 Sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito," n-g-a, tapos y, "nga'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya, hanggang sa wakas ng mundo. At sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, magsasalita ng bagong mga wika; kung hahawak sila ng ahas, o makaiinom ng nakamamatay na bagay, hindi sila mapapahamak. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Yan mismo ang sinabi ni Jesus. Yan ang huling Mga Salita na namutawi sa Kanyang mga labi. At Siya'y dinala paitaas sa Langit.

236 At ang mga tao na humahayo, na naniniwala't ipinapangaral ang Makalangit na pagpapagaling, at ang mga kapangyarihan ng Diyos, tinatawag sila ng mundo na "baliw." At ang sabi ng Biblia, "Kung tawagin nila ang Panginoon ng tahanan na 'Beelzebub,' gaano pa kaya ang itatawag sa kanila, na Kanyang mga alagad?"

237 Mga hinatulan, naroon sila na nahimlay, ang lahat ay namatay mismo. Pero ang sabi ni Josephus, "Ang mga taong 'yun na . . . sila—sila na mga Cristianong uri ng tao, at nagtungo mula Jerusalem papuntang Judea, at natakasan ang galit na ito." Ngayon 'yun ang Judio, ang pagtatapos ng Judio.

238 Bilisan na natin ngayon, sa susunod na ilang minuto, tapusin na natin ang mga Gentil, madali. Bumuklat tayo sa ika-7 kabanata ng Apocalipsis, kung saan tatapusin natin ang dispensasyong Gentil. Tingnan n'yo kung tama ba ito o hindi. Diyan iprinopesiya ng propeta ng Ezekiel 9 ang katapusan ng kapanahunan na *'yun*; ngayon heto ang Espiritu Santo na

iprinopropesiya ang katapusan ng kapanahunang *ito*. Makinig kayong mabuti habang binabasa ko ito nang dahan-dahan.

> *At pagkatapos nito . . .*

239 Apocalipsis 7 ngayon, "Pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel . . . " Yun ang paglabas ng mga mangangabayo, sa ika-6 na kabanata, at kung papaanong humayo sila; isang maputlang kabayo, at isang itim na kabayo, at pulang kabayo, at iba pa, na, silang mga mangangabayo'y lumilibot sa lupain nang mahabang panahon.

> *. . . Nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin . . . upang huwag* silang *humihip* sa *lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy.*

240 Ngayon masdan n'yo ang pangitain na una niyang nakita. "Nakakita ako ng apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok," apat na dako sa palibot ng mundo, isang anghel, na pinipigilan ang apat na hangin. Ang *mga anghel* ay "mga mensahero." Yan mismo ang sabi ng Biblia. At ang mga *hangin* ay "mga digmaan at alitan." Kanyang pinipigilan ang apat na hangin, dito, . . . ? . . . Ngayon masdan, ika-2 talata.

> *At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa silangan, na taglay ang* (*t-a-t-a-k*, ang tapos na gawa, sa madaling sabi) . . . *taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa . . . mga anghel, . . .* na *pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat,*
>
> *Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit . . . mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin ng ating Dios sa kanilang* noo.

241 Masdan, babasahin ko pa pababa.

> *At narinig ko ang bilang ng . . . mga natatakan: at natatakan ang—ang . . . natatakan ang isang daan at apat na pu't apat na libo na . . . sa* angkan ng—ng . . . *sa* angkan *ng mga anak ni Israel.*

242 "Sa angkan ni Juda, labindalawa . . . " at hanggang sa, kina "Benjamin," at "Gad," at "Ruben," hanggang kay "Zabulon," at sa buong labindalawang angkan, sa dulo ng ika-8 talata. At ang labindalawa kung imumultiplika sa labindalawa ay ano? [Sinasabi ng kongregasyon, "Sandaan at apatnapu't apat."—Pat.] Sandaan at apatnapu't apat. "Sandaan at apatnapu't apat na libo," lahat na mga Judio. Ngayon, masdan.

> At *pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at, narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang*

*ng sinoman, na mula sa bawa't* angkan, mga wika, at mga bansa,. . .

243 Saan sila nanggaling? Kita n'yo, nakita natin kung saan naroon ang mga Judio sa huli; at sa panahon na ibibigay na sa mga anghel na pumunta para mangwasak, na ang sabi rito, nakita at "pinigilan." Pero ang mga ito naman ay saan nanggaling, na lahat ng angkan, mga wika, at mga bansa? Lumitaw lang sila sa eksena.

. . .*at* mga bayan, *at mga wika, na nakatayo sa harapan ng* Cordero, *at sa harapan*. . .na *nangadaramtan*. . .*ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang* kamay;

244 Ang Nobya, ang Nobyang Gentil 'yun na tinatakan na rito. Masdan.

*At* sila'y *nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios* na *nakaupo sa luklukan, at* sa *Cordero*.

*At—at*. . .*ang lahat ng mga anghel* ay *nangakatayo* sa palibot *ng luklukan,*. . .*ng matatanda,*. . .*ng apat na nilalang na buhay,* . . .*nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios,*

*Na nangagsasabi,*. . .(Pakinggan n'yo, kung hindi ba't ang dating nito'y isang Espiritu Santong pagtitipon!) A-. . .Mga pagpapala, amen, *kaluwalhatian,*. . . *karunungan,*. . .*pagpapasalamat,*. . .*karangalan,*. . . *kapangyarihan,*. . .*kalakasan, nawa* ang *sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa*.

245 Ang dating nga n'yan ay di kung anong rituwal na akademikong gawain, sa tingin ko. Ang dating nga n'yan ay isang makalumang, pagbubuhos ng Espiritu Santo, sa tingin ko. Ang mga taong 'yan ay nakadako sa isang lugar; alam nila ang gagawin nila sa sandali na makita nila ang Cordero na nakaupo sa Luklukan.

*At sumagot ang isa sa matatanda*. . .nagsasabi *sa akin, Ang mga ito*. . .at *nangadaramtan ng mapuputing damit ay sino-sino? at saan* nagsipanggaling *sila?*

246 Ngayon alam n'yo ang lahat ng tungkol sa mga Judio, pero saan ba nanggaling ang mga ito, "sa lahat ng mga angkan, mga wika, at mga bansa"? Masdan.

*At sinabi ko sa kaniya, Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam*. (Sabi ni Juan, "Hindi ko nga nalalaman.") *At sinabi niya* sa *akin,*. . .

247 Sila ang mga ito na tamo Yun, sa tingin ko. Buweno.

. . .*Ang mga ito'y* ang nanggaling *sa malaking kapighatian,* (na tinawag na "holy-roller," mga kinutya, inusig, nilibak) . . .nanggaling sa *malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.* (Masdan!)

. . .sila'y nasa *harapan ng luklukan ng Dios,* . . .

248 Saan ba naglulumagi ang asawang babae? Saan ba namamalagi ang reyna? Yun ang Nobya, ang Nobyang Gentil.

. . .*at* sila'y *nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi* sa *templo:* . . .

249 Inaasikaso ako ng maybahay ko sa bahay, araw at gabi. Kita n'yo? Yan ang Nobya ni Jesus; 'yan ang Nobyang Gentil.

. . .*at* silang *nakaupo* sa *luklukan ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo.*

*Sila'y hindi na magugutom pa,* . . .

250 Hallelujah! Tapos na ang mga araw ng gawa. Buweno, maraming beses na nakakalingat tayo sa pagkain, pero hinding-hindi tayo makakalingat Doon. Amen.

251 Alam ko na ang abang, munti kong, matandang nanay ay nakaupo rito ngayong gabi. At madalas ko siyang nakikita noon na tumatayo mula sa hapag. Nagkakape kami at kumakain ng lumang tinapay. Ibubuhos niya 'yun, titimplahan ng asukal. At hindi nga sapat para mabigyan ang lahat; magsisiiyak ang mga bata, at tatayo at lalakad na lang siya palayo. Pero hinding-hindi natin 'yun dadanasin Doon! Ang matanda kong tatay ay nahimlay sa mga bisig ko, sa tawid ng kalsada, sa ibayo, at namatay, na gutom.

252 Pero hindi na natin dadanasin pa 'yan uli. Hallelujah! Hindi, na. Wala nang kagutuman.

Sila'y *hindi na magugutom pa, ni* sila'y *mauuhaw pa man* . . .*ni hindi* na *sila tatamaan ng araw,* . . .

*Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan* sa *mga bukal ng* tubig *ng buhay: at papahirin ng Dios* . . . *ang bawa't luha ng kanilang mga mata.*

253 Sila marahil ay maiiyak nang kaunti at walang patid, pagdating ng Espiritu Santo. Pero papahirin ng Diyos ang lahat na luha mula sa inyong mga mata.

254 Masdan, nakita niya "ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok, na pinipigilan ang apat na hangin." Bilisan na natin ngayon. Tapos na ang oras ko, pero hayaan n'yong masabi ko ang punto na ito sa inyo, bago lamang magtapos. Tingnan n'yo, nakakita siya ng apat na anghel. Nakita Niya ang pagsasara ng iglesyang Judio, mangyari nga na nakita niya ang pagdating

nila, siya ring mga 'yun, na dumarating na may dalawang mga pamaslang na armas, ang hukbo na 'yun.

255 Ngayon masdan. Anong uri ng tanda ang tinanggap ng Iglesya ng Espiritu Santo, na tanda sa kanilang noo? Isa itong espirituwal na tanda. Minarkahan sila ng Espiritu Santo. Tama ba? Hindi Siya naglagay ng anumang tato sa kanilang ulo, Siya nga? Hindi.

256 Hindi sila kinondena ng kung anong kontra-relihiyon na bansa. Kinondena sila sa ganang sarili nila. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang tunay na Iglesya ng buhay na Diyos ay ang kokondenahin ng Katoliko at Protestante, dahil ang mga ito'y nagkakaisa. Sila'y nagkakaisa na, bilang nanay at anak na babae.

257 Pero ang mga ito, *rito*, ay hindi. Tapos, tingnan n'yo kung anong ginawa Niya. Ang sabi niya, "Maglagay ng tanda sa kanilang noo." Anong uri ng tanda 'yun? Babasahin ko sa inyo, Mga Gawa 2. "Lahat sila'y nagkakatipon sa isang dako. At bigla na lang may ugong na dumating, ang Anghel na buhat sa Langit."

Sasabihin n'yo, "Ang Anghel 'yung ugong?"

258 Ano 'yun, 'yung dumaan sa harap ni David, noong marinig niya ang kaluskos ng mga dahon, mga dahon ng morales, noong gabi na 'yun na takot siyang humayo? "Narinig ang ugong mula sa Langit na gaya sa isang humahagibis na hanging malakas," ang Diyos ay dumako nga roon sa harap nila.

259 "At bigla na lang lumantad sa kanila ang Espiritu Santo at Kapangyarihan." Sa lansangan sa labas sila'y nagsitungo, na palundag-lundag at patalon-talon, at nagsasalita sa iba't ibang wika, at nauutal na mga labi, at sumisigaw, at ang kilos ay parang mga lasing, at ang lahat mismo'y nagbubunyi't pinupuri ang Panginoong Diyos. Hindi ba't tama?

260 Ganoon ang pamamaraan ng Diyos kapag ipinapadala Niya ang Kanyang Kapangyarihan na may kalakip na bautismo ng Espiritu Santo. At kumilos nga Ito roon, at napahayag ang Mensahe! Hallelujah! At sumigaw sila't humiyaw, at nagsalita sa iba't ibang wika, at lumabas doon. At 'yun ang tanda na inilagay ng Diyos sa mga tao. Tama ba? Inilagay ng Diyos ang tanda, at 'yun ang uri ng tanda na ilalagay ng Diyos sa Kanyang mga hirang sa panahon ngayon. Ang siya ring Tatak ng Diyos na dumako sa kanila noong panahon na 'yun, sa ilalim ng bautismo ng Espiritu Santo, ay ang Tatak ng Diyos.

261 Nais kong tanungin kayo ng isang bagay, iglesya. Sinasabi ng Biblia na ang tanda ng Diyos, sa araw na 'yun, ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Ang Tanda na naroon sa mga taong 'yun, para ipaging-iba sila mula sa iba pa, ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Tama ba? Ang sabi ng Bagong Tipan, sa Mga Taga-Efeso 4:30, na ang Espiritu Santo'y ang Tatak ng Diyos, para sa mga

tao sa huling mga araw, hanggang sa Walang Hanggan n'yong patutunguhan. Tama ba? Kung ganoon tama ang Espiritu Santo.

262 Ngayon, nagkaroon tayo ng kapanahunan ng Methodist, nagkaroon tayo ng kapanahunan ng Baptist, nagkaroon tayo ng pag-aaring ganap, nagkaroon tayo ng pagpapaging banal. Nagkaroon tayo ng mga bagay na ito, na dumaan.

263 At noong mga apatnapung taon ang nakararaan, ang bautismo ng Espiritu Santo'y unang nabatid sa Estados Unidos. Tama ba? Mga apatnapung taon ang nakararaan, noong nagsimulang tanggapin ng mga tao. . .

264 Ngayon, ang tawag nila noon dito'y ang ikalawang tiyak na gawa ng biyaya, pagpapaging banal. "Pagpapaging banal," tama nga.

265 Ang isang sisidlan ay kinakailangang kunin, pulutin. Punung-puno ito ng putik. Inaring-ganap ito, dahil pinulot ito nung—nung tao.

266 Ang kasunod na bagay, kinakailangan na—na malinis at makuskos nang maigi. Ang ibig sabihin ng salitang *pagpapaging banal* ay "malinis, at maitabi para sa gawain." Pero hindi ibig sabihin ng "maitabi *para sa* gawain" ay kayo'y *nasa* gawain.

267 At pagkatapos sinabi ni Jesus, "Mapalad kayo na mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, dahil kayo'y bubusugin." Kita n'yo, dumating ang Espiritu Santo sa mga pinaging banal, na tunay, na totoong, pinaging banal na mananampalataya. At magsisimulang mahayag ang mga tanda't mga kababalaghan kapag ang nilinis na sisidlan na 'yun ay naitama, at ang Espiritu Santo ay pumasok dun. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

268 Hindi ka makapagpapalabas ng langis mula sa bote na 'yun maliban na may langis sa loob, kahit na gaano pang kalinis ng bote. Hindi ka makapagpapalabas ng pagsasalita sa iba't ibang wika, at Makalangit na kagalingan, at mga Kapangyarihan ng Diyos, mula sa isang bagay na wala namang ganoon sa loob. Kinakailangan na maihatid ang Espiritu Santo, kung ganoon.

269 Tingnan n'yo, mga apatnapung taon ang nakararaan. . . Magbalik-tanaw tayo. Tingnan natin, sa paligid. . . Masdang mabuti. May isang dakilang pinuno na pumaroon, Unang Digmaang Pandaigdig noon; unang beses sa buong kasaysayan ng mundo, isang digmaang pandaigdig. Saan siya nagsimula? Doon mismo sa bansang Alemanya. Anong nangyari? Kakatwa, na walang nakakaalam, hanggang sa araw na ito, kung papaano 'yun nahinto. Walang nakakaalam. Basahin n'yo ang *The Decline Of The World War*. Bawat libro nun, nabasa ko. Wala ni isang tao. . . Ang alam lang nila, may atas na lumabas, "Sumuko!" Walang nakakaalam kung sinong nagbigay nun. Bakit?

270 Oh Diyos! Tatawagin at tatawagin n'yo rin lang naman akong "holy-roller," ano't anuman, kaya maigi na rin sigurong

ilabas ko ang saloobin ko. Tingnan n'yo! Lubos-lubos ang pasasalamat ko para sa Espiritu Santo na maparito sa entablado, para maghayag.

271 Pansinin. Masdan n'yo. Lumabas ang mga 'yun, bawat hangin na dumating sa mundo, modernong mga sandata, para ganap na wasakin ang lahat sa isang digmaang pandaigdig. Pero, bigla na lang, huminto ito. Apocalipsis sa ika-7 kabanata, ang sabi, "Nakita ko ang apat na Anghel na dumarating na may dalang pamaslang na mga armas. At may lalaki na nanggagaling sa silangan, na dala ang Tatak ng buhay na Diyos, na ang sabi, 'Pigilin ang apat na hangin.'"

272 "Pigilin ito," bakit? Wala pa sa tamang kinalalagyan ang mga Judio. Maluwalhati! Wala pa ang mga Judio sa tamang kinalalagyan, 'yan ang kalendaryo ng Diyos. Sinabi Niya sa kanila kung saan sila tatayo sa ibayong 'yan, ang sabi Niya, "Kapag nakita ninyo ang puno ng igos na nagkakasanga, maalaman ninyo na ang oras ay malapit na." At kapag nakikita n'yo ang mga Judio na bumabalik sa Palestina, mabatid n'yo nga na malapit na ang oras. "Ang henerasyong ito ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng mga bagay ay matupad." At, kapatid, sa huling pitong taon ay ang unang beses na winagayway kailanman ang bandila ng Judio, sa loob ng dalawang libong taon, sa ibabaw ng Jerusalem; oo, dalawampu't limang-daang taon. Amen. Wala pa kasi noon ang mga Judio kung saan ito ipangyayari, kaya naman sinabi Niya, "Pigilin! Pigilin!"

273 Bakit, bakit "pinigil"? Masdan, may mga Gentil pa kasi, sa pagitan ng kapanahunan ni Wesley at kapanahunan ng Pentecostal, na kailangang makapasok. Bago tumungo ang Pentecostal sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, may "bukas na pinto" na inilagay sa harap ng iglesya; bukas na pinto, tungo sa, "Sinumang nais ay dumako at uminom mula sa Bukal ng mga tubig ng Buhay nang walang bayad." Bukas na pinto, na inilagay. Oh, ang ganda!

At ang sabi Niya, "Pigilin ito!" Bakit?

274 Ang sabi ni Jesus, "Isang lalaki ang lumabas at siya'y nagtrabaho. At isang lalaki uli ang lumabas, sa ibang oras, at siya'y nagtrabaho. Isa uling lalaki ang lumabas at nagtrabaho. At isang lalaki ang lumabas noong ika-labingisang oras. At noong huminto siya sa ika-labingisang oras, binigyan niya ang bawat isa ng parehong bahagi, sa ikalabing-isang oras."

Nagtaka sila kung bakit. "Bakit ganoon ang ginawa niya, na sa ikalabing-isang oras, ang lahat ay pinapapasok?"

275 Si Martin Luther na nagtrabaho, na lumakad sa ilalim ng dispensasyon ni Luther, ay namatay sa biyaya! . . .?. . . ang iba, na mga sumisigaw na Methodist, na namatay sa ilalim ng kapanahunan ni Wesley, sila'y namatay sa biyaya. Tayo'y nabubuhay sa ibang panahon, hindi sa panahon noon. Ngayon!

Noong araw ang gamit ni nanay ay karitelang hila ng baka, at tayo ngayon ay model V-8 na Ford na ang gamit, halos pinaaandar ng jet. Ganoon mismo. Nabubuhay tayo sa iba nang kapanahunan, mangyari nga. At nabubuhay tayo sa ibang dispensasyon. Nabubuhay tayo sa araw ng pagpapanumbalik ng mga Kapangyarihan ng Diyos, at ngayon mismo'y nakikita ang Kapangyarihan ng Diyos gaya ng ginawa nila noon sa pasimula. Nabubuhay tayo sa ibang kapanahunan. Huwag na kayong tumingin dun kay Wesley, sa Methodist, at sa kanilang lahat, Baptist, at Presbyterian. Dito kayo tumingin kay Jesus Cristo, ang May-Akda't Sumasakdal ng Pananampalataya ng Biblia. Hallelujah!

276 Ngayon masdan n'yo Siya, ang sabi, "Pigilin ito," hanggang (ano?) ang mga ika-labingisang mga tao'y nakapasok na, ang huling pagtawag sa mga Gentil. Si nanay ay nagtrabaho *roon*; si tatay at sila'y nagtrabaho *rito*; si lola ay nagtrabaho *roon*. Ito ang kapanahunan natin, ang ikalabing-isang oras. Huminto ang Digmaang Pandaigdig sa ika-labingisang oras ng taon, sa ika-labingisang araw ng buwan, sa ika-labingisang oras ng araw, at ika-labingisang minuto ng oras; nang sa gayon ang ika-labingisang oras na mga tao'y makapasok, (ano?) matanggap ang parehong bautismo ng Espiritu Santo gaya ng natanggap nila noon *dito* sa pasimula, para ipanumbalik ang Kapangyarihan at ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo, siya ring mga tanda't mga kababalaghan.

277 Ano 'yun? May mga digmaan na nagbabadya *rito*, nagbabadya *roon*, nagbabadya *rito*, nagbabadya *roon*, sinusubukang. . .Ang mga bomba atomika't lahat na ng mga bagay ay ginagawa na, pero hindi nila ito magamit. Hindi nila 'yun magagamit hanggang sa ang mga Judio'y dalawin ng bautismo ng Espiritu Santo. Ang sabi ng Anghel, "Pigilan ito, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin," hindi ang Nobya. Ang mga Gentil ay di kailanman alipin; tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae. Ang mga alipin, ay 'yung mga Judio. Alipin ng Diyos si Abraham. Hallelujah! Ngayon, makalibong ilang makalibong ilang makalibong Judio rin. Pinatigas ng Diyos ang puso ni Faraon, para pakilusin sila papuntang Palestina. Pinatigas ng Diyos ang puso ni Hitler, puso ni Mussolini, puso ni Stalin. Kanyang pinakikilos nang puwersahan, papuntang Palestina, nang di namamalayan kung anong ginagawa niya, na kumikilos pala siya sa mismong mga kamay ng Diyos.

278 Sila na sandaan at apatnapu't apat na libo ay tatayo sa ibayo roon. At isa sa mga araw na ito, may Makalangit, banal, na pinahirang propeta ng Diyos ang dadako roon na may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan. Sasabihin ng mga Judio na 'yun, "Yan mismo ang hinahanap ko." Siyanga, po. At babautismuhan ng Diyos ang sandaan at apatnapu't apat na libong Judio.

279 At darating ang Pag-agaw; paparam ang kapanahunan ng Gentil. Sasabog ang bomba atomika at wawasakin ang mundo. At aagawin paitaas ang Iglesyang Gentil, para tumayo roon sa Presensya ng Diyos. "Sino ang mga ito na lumabas mula sa malaking kapighatian? Na hinugasan ang kanilang mga balabal, sa Dugo ng Cordero. Sila'y nasa harapan ng Diyos, nang walang bahid." Amen.

280 Tanda ng hayop, kompederasyon; mga kaiglesyahan, Katolisismo, lahat ay sama-samang binigkis, papunta sa malaking kaguluhan. Ang nalalabi, ang Espiritu Santong Nobya.

281 At ang mga tao na tinatawanan ang pagsasalita sa iba't ibang wika, na pinagtatawanan ang Makalangit na pagpapagaling, na pinagtatawanan ang pagpropropesiya, na pinagtatawanan ang mga kahayagan ng Espiritu; at ang siya ring espiritu na kumukontrol sa mga Judio noong panahon na 'yun, na pinusong ang Espiritu Santo noon, at namatay sa ilalim ng Banal na paghatol. Ang Estados Unidos na ito'y patungo rin sa Banal na paghatol, sa ilalim ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kanilang kinondena, at nilibak, at tinaboy, at binansagan tayo na "mga holy-roller" at lahat ng kung anu-ano pa. Pero narito na ang oras, na ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Banal na paghatol. Amen.

282 Maghanda kayo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . .? . . . Ang tanging ligtas na lugar na mayroon sa panahon ngayon ay kay Cristo Jesus. Pagpalain kayo ng Diyos. Kung hindi pa kayo nakakapasok, magtumulin kayo hanggang sa makapasok. "Sila na mga nakay Cristo Jesus ay dadalhin ng Diyos kasama Niya sa ikalawang Pagparito."

283 Kapag wala ang Tatak ng Diyos, na bautismo ng Espiritu Santo, ang kompederasyon ng apostasiya'y ang tanda ng hayop. Yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Pero ang mga relihiyosong mga guro na ito ay pinagpipilitang ang komunismo raw ito, gayong hindi nila namamalayan na kumikilos na pala ito sa kalagitnaan nila. Ang sabi Niya, "Ganoon ang gagawin ng mga bulag na tagapanguna ng mga bulag." Ang sabi Niya, "May mga mata, pero hindi nakakakita." Sabi, "Kayo, at sa mga tradisyon n'yo, ay sinasabi ang turo't aral ng tao, gumagawa ng mga utos ng tao, niwawalang kabuluhan ang mga kautusan ng Diyos."

284 Tinatawanan n'yo ang Katoliko sa paglalagay ng kanilang katesismo, at samantalang heto ang mga kalalakihan n'yo na nagtutungo rito sa kung anong kumperensya o kung ano, at pinagpapasyahan kung tatanggapin ba nila ang Makalangit na kagalingan, o ang bautismo ng Espiritu, at ang mga bagay na ito. At kinokondena nila Ito't tinatanggihan Ito. At tinatawanan n'yo ang Katoliko. Wala kayong karapatan para tawanan ang

Katoliko. Dahil, kung siya'y isang "PATOTOT," sinabi ng Biblia na kayo rin naman ay isang "PATOTOT," sa parehong kapisanan.

285 "Lumabas kayo mula rito, bayan Ko! Bumukod kayo," ang sabi ng Diyos, "at tatanggapin Ko kayo sa Aking Sarili." Ganoon nga.

286 Oh, bakit itong Branham Tabernacle ay di makalabas-labas mula sa ating gulo na ito? Nais kong malaman kung kayo rito ay naniniwala sa Ebanghelyong ito. At Ito'y ipinangaral na, at nakita n'yo na Ito, ang mga tanda't mga kababalaghan, at pinagtibay pa nga. At lahat ng bagay na sinalita ng Panginoon, ay nangyari mismo. Kung ganoon, anong problema rito, kapag nababalitaan ko na may pagtatalo sa kalagitnaan n'yo, kapag nababalitaan ko na may alitan? Nais kong isulat n'yo kung anong saloobin n'yo, kung anong nasa puso n'yo, at ilapag 'yun sa entabladong pulpito na ito, bukas ng gabi.

287 Nais kong makita kung bakit ang iglesyang ito ay di matangay ng Kapangyarihan ng Diyos, at ng bautismo ng Espiritu Santo, na may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan. Anong problema? Sinasampalatayanan Ito ng inyong pastor. Sinasampalatayanan n'yo Ito. Kaya, anong problema rito? May kung anong bagay na mali. Dapat parola ng liwanag ito sa mundo. Dapat dako ito ng mga Kapangyarihan ng Diyos, at ng pagtangis at pag-iyak, at paghahangad sa Diyos, ganoon dapat ang nangyayari, araw at gabi. Bakit di natin makamit ito?

288 "Aking gagawin, subalit inaayawan ninyo," ang sabi ni Jesus. "Inaayawan ninyo. Halikayo at bumili kayo sa Akin."

289 "Alam Ko na sinasabi ninyo," ang sabi Niya, "kayo'y 'mayaman, na di nangangailangan ng anuman,'" na kausap ang mga iglesya. Ang sabi, "Sinasabi ninyo, 'Ako'y mayaman, at di nangangailangan ng anuman. Kami'y isang nakaaangat na organisasyon.' At di ninyo nalalaman na kayo pala'y aba, maralita, dukha, bulag, at hubad, at hindi ito nalalaman." Kung ang isang tao ay nasa ganoong estado at alam 'yun, isasalba nga niya ang sarili niya. Pero kung ganoon ang kalagayan n'yo, "at di ito nalalaman!" At sinabi ni Cristo na ang mga kaiglesyahan sa panahon na ito'y magiging ganoon ang kalagayan, at di 'yun namamalayan.

290 Kurutin n'yo ang espirituwal n'yong katauhan, minamahal, na minamahal kong kapatid. Kurutin n'yo ang kaluluwa n'yo, kung papaano nga, na may pananalangin, at sabihin, "Panginoong Jesus, Iyo pong siyasatin ako. Iyong ibunsod na makapag-imbentaryo ako sa gabing ito, bago ako matulog, at siyasatin kung anong problema sa akin. Taon at mga taon na rin akong nag-aangkin lang, at hindi ko nakikita ang mga bagay na ito na sinabi ni Jesus. Na Siya'y sumaakin, at samantalang heto

ang mga bagay-bagay na patuloy lang, na di ko nakikita. Ano po kaya ang problema, Panginoong Jesus?"

291 Maging tapat kayo. Maging sinsero. Lumuhod kayo at makipag-usap sa Kanya, gaya nang mukhaan sa isang kapatid. Siya'y maghahayag sa inyo. Siya'y magsasabi sa inyo. Hapakin n'yo ang inyong kaluluwa, at ilalapag 'yun doon. Sabihin, "Panginoong Jesus, kung ang halaga man ay ang aking pamilya, kung ang halaga man ay ang aking buhay, kung ang halaga man ay ang aking trabaho, kung ang halaga man ay ang aking pagiging miyembro, kung ang halaga man ay ang mabuting reputasyon ko sa siyudad, aking pipiliin ang daan kasama ang kakaunti na itinakwil dahil sa Panginoon."

292 Ngayon alalahanin n'yo, ang sabi ni Jesus, "Matuwid ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti lamang ang makasusumpong nito. Yamang malapad ang daan patungo sa kapahamakan." At sangmilyon pa sa '54, "Malapad ang pintuan patungo sa kapahamakan, at marami ang doo'y nagsisipasok." Ganoon nga. "Ang mawawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makasusumpong niyaon. Ang umiibig sa tatay, nanay, kapatid na babae, kapatid na lalaki, o anumang bagay, na higit sa Akin, ay hindi karapat-dapat na matawag na Akin. Ang humahawak ng kanyang kamay sa araro at susulong, ngunit lilingon, ay hindi karapat-dapat sa panahon." Kapatid!

293 Isa sa mga araw na ito, ang kahuli-hulihang pangangaral ng Ebanghelyo na pinahiran ng Espiritu Santo ay ipapangaral. Isa sa mga araw na ito, ang huling baril ay ipuputok. Isa sa mga araw na ito, ang huling awit ay aawitin. Isa sa mga araw na ito, ang huling panalangin ay idadalangin. Isa sa mga araw na ito, ang mga pintuan ng tabernakulo ay isasara sa kahuli-hulihang pagkakataon, ang Biblia'y isasara sa ibabaw ng pulpito. At tatayo kayo sa Presensya ng Diyos, para magsulit para sa bagay na inyong napakinggan ngayong gabi. Ano nang mangyayari? Ano nang mangyayari? Kapag ang dakilang Aklat ay buklatin, ano nang mangyayari? Kapag ang gabing ito'y itala na mismo sa rekord, ano nang mangyayari? Oh, gaya ng sinasabi sa awitin:

> Ano nang mangyayari?
> Kapag ang dakilang Aklat ay buklatin, ano nang mangyayari?
> Kapag ang mga tumanggi sa Tagapagligtas ngayon,
> Ay hingan ng rason—Ano nang mangyayari?

294 Hadlang sa inyong daan ang inyong trabaho. Hadlang sa inyong daan ang inyong mga magulang. Hadlang sa inyong daan ang inyong kaibigang lalaki. Hadlang sa inyong daan ang inyong kaibigang babae. Hadlang sa inyong daan ang inyong simbahan.

> What then? What then?
> When the great Book is opened, what then?

When the ones that's rejecting this Message tonight,
You're going to, asked to give a reason—What then?

295 Anong gagawin n'yo ukol dun? Nalaman n'yo na kung ano ang tanda ng hayop. Nalaman n'yo na kung ano ang Tatak ng Diyos. Nasa sa inyo na ito.

Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon, habang tumatayo tayo.

296 Mahabaging Makalangit na Ama, ang Iyong mga kaawaan at mga pagpapala'y dumako nawa sa mga tao. Hayaan Mong kumilos ang Iyong Espiritu. At hayaang bumaba ang Iyong Espiritu Santo sa mga taong narito, at ipagkaloob sa kanila, Panginoon, ang bautismo ng Espiritu. Na bawat lalaki't babae nawa, kabataang lalaki't kabataang babae, na narito, ay lubos nawa silang maantig ngayong gabi, ng Espiritu Santo, na sabihin nila, "Diyos, kunin Mo po ang lahat ng mayroon ako. Kunin Mo po ang lahat ng kung ano ako. Siyanga't, hayaan Mong makapaglingkod ako sa Iyo, Panginoon ko. Isasantabi ko ang lahat ng bagay. Isusuko ko ang sarili ko. Isusuko ko ang pagmamataas. Isusuko ko ang simbahan. Isusuko ko ang lahat ng bagay."

297 Hindi sa kailangan nilang lumabas sa kanilang iglesya, Panginoon, kundi kailangan nilang lumabas sa kalagayan na kinabubuhayan nila. Oh Diyos, ipadala Mo po ang mga Methodist pabalik sa kanilang iglesya, na nag-aalab, para ipangaral ang Ebanghelyo; ipadala Mo ang mga Baptist pabalik, ipadala Mo ang mga Campbellite pabalik, ipadala Mo ang mga Katoliko pabalik. Panginoong Diyos, magpadala Ka ng isa mula rito sa Branham Tabernacle, pabalik sa tabernakulo rito, na may maamo't, mapagpakumbabang espiritu, na hahayo at magsasalita, at magmamahal, at magsisikap na papagkaisahing muli ang mga tao, nang sa gayon ang Espiritu Santo ay makapasok at gamitin ang mga tao. Magpadala Ka ng mga dakilang tanda at kababalaghan. Pahiran Mo ang bawat mananampalataya. Patawarin ang bawat kasalanan.

298 Oh Diyos, nakikita na namin ang mga tanda na nagsisilitaw. Nakikita na namin ang puno ng igos na nagkakasanga na. Alam naming malapit na ang oras. Nakikita namin ang mga bomba na naroon na sa mga kamay ng mismong tao na sinabi Mong binigyan para wasakin ang mundo.

299 Oh Diyos, papaano pa namin matatanggihan? Papaano namin nagagawa? Gayong, naririnig namin ang Iyong pinagpalang Ebanghelyo na umaalingawngaw nang napakalinaw; naririnig ang Espiritu Santo na kumikilos; nakikita ang Espiritu Santo na nagbibigay ng mga tanda't mga kababalaghan; nagpapagaling ng mga maysakit, pinadidilat ang

mga bulag, pinanunumbalik ang buhay ng mga patay; dakilang mga kababalaghan at tanda; ipinapangaral ang Ebanghelyo ng mga walang pinag-aralan, na mangmang na mga tao, nangaral sa ilalim ng Kapangyarihan at sa pagpapamalas ng Espiritu Santo; lumalakip ang mga tanda't mga kababalaghan sa iglesya. Gaano pa!

300 Sinabi Mo, "Kung nakilala n'yo si Moises, nakilala n'yo sana ang Aking araw." Hallelujah! Ganoon din ngayon, Panginoon. Nakikita nila ang lahat ng uri ng mga tanda, ng mga digmaan at mga kaguluhan, at lahat na. Iyong ibunsod sila na buklatin ang mga pahina ng sinisintang lumang Biblia, at makita kung nasaan ang palatandaan sa daan. Nasa wakas na kami ng panahon.

301 Oh Diyos, pakilusin Mo po ang Iyong Espiritu sa mga taong narito. At sa pag-alis nila mula rito, ngayong gabi, samahan nawa sila ng Espiritu Santo.

302 At bukas ng gabi, Panginoon, pagpunta namin dito sa malaking pagtawag para sa pagdulog sa altar na inihahanda namin, dalangin po namin na mapuno ang mga altar, mapuno ang mga silid dalanginan.

303 At nawa, sa Linggo ng umaga, Panginoon, at Linggo ng gabi, babautismuhan namin ang mga tao rito ayon sa Salita ng Diyos. At bumaba nawa ang Espiritu Santo sa tubig na 'yun, at gagawa ng mga dakilang tanda't mga kababalaghan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

304 Pagpalain Mo po ang mahal naming pastor dito. Pagpalain Mo po ang mga miyembro. Pagpalain Mo ang mga dayuhan sa aming pintuan. Umuwi nawa kami ngayong gabi at pagnilay-nilayan ang mga bagay na ito sa aming puso; babalik bukas ng gabi, na may kagalakan, na may dalang mga tangkas. Humihiling po kami sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

305 Pagpalain ng Panginoong Jesus Cristo ang bawat isa sa inyo. Kamayan n'yo ang isa't isa. Bumalik kayo bukas ng gabi, na dala-dala ang kahilingan n'yo at kung ano pang nais n'yo, at ilapag lang dito sa pulpito. Pahiran nawa kayo ng Diyos, samahan kayo! Amen. Pagpalain kayo ng Diyos.

54-0514 Ang Tatak Ng Diyos
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org